# Sosyo-Semyotiks ng Welgang Bayan: Representasyon ng Panlipunang Aktor sa Rurok ng Anti-Diktadurang Pakikibaka

# *Social Semiotics of* Welgang Bayan*: Representation of Social Actors During the Height of the Anti-Dictatorship Struggle*

**Karlo Mikhail I. Mongaya**
University of the Philippines Diliman

## ABSTRAK

Niyanig ang mga huling taon ng diktadurang Marcos ng sunod-sunod na mga welgang bayan, mga malawakan at koordinadong militanteng pagkilos ng iba't ibang sektor sa mga sentrong lungsod. Nagbubunsod ito ng paralisasyon ng mga ekonomikong aktibidad at normal na takbo ng lipunan. Unang isinabak ng Communist Party of the Philippines (CPP) noong huling kwarter ng 1984, sunod-sunod na ang paglulunsad ng mga welgang bayan sa taong 1985 sa iba't ibang dako ng bansa. Pinakatampok dito ang welgang bayan sa Escalante, Negros noong Setyembre 20, 1985 na nauwi sa "Masaker sa Escalante" at ang welgang bayan sa probinsiya ng Bataan noong Hunyo 10-20, 1985 na nagpamalas ng militanteng pagtutol sa pagtatayo ng Bataan Nuclear Power Plant (BNPP). Gamit ang sosyo-semyotikong lente, sinuri ko ang representasyon ng mga panlipunang aktor kaugnay sa paglulunsad ng mga welgang bayan na mababasa sa anim na artikulo na inilathala noong 1984 at 1985 sa *Ang Bayan*, ang opisyal na publikasyon ng Komite Sentral ng CPP. Habang magiging sentro ang welgang bayan sa mga debate sa estratehiya na bumalot sa kilusang rebolusyonaryo pagkatapos bumagsak ang diktadura, ipinapatampok ng representasyon ng welgang bayan ang pangangailangan ng pagbubuklod ng iba't ibang uri at sektor bilang bayan na lumalaban sa mga puwersang mapang-api at mapagsamantala.

Mga susing salita: welgang bayan, batas militar, kilusang panlipunan, sosyo-semyotiks, pangdiskursong analisis

## ABSTRACT

The last years of the Marcos dictatorship were rocked by a series of people's strikes (*welgang bayan*), large-scale and coordinated militant actions of various sectors in urban centers that caused the paralysis of economic activities and everyday life. First launched by the Communist Party of the Philippines (CPP) in the last quarter of 1984, several welgang bayan were mounted successively in 1985 in different parts of the country. Most prominent among them are the welgang bayan in Escalante, Negros on September 20, 1985 that led to the "Escalante Massacre" and the welgang bayan in Bataan province from June 10-20, 1985 that demonstrated militant opposition to the construction of the Bataan Nuclear Power Plant (BNPP). Using a socio-semiotic lens, I analyze the representation of social actors related to the welgang bayan that can be read in six articles published in 1984 and 1985 in *Ang Bayan*, the official publication of the CPP Central Committee. While the welgang bayan would become the center of debates on strategy that preoccupied the revolutionary movement after the fall of the dictatorship, its representation highlights the need for unity between different classes and sectors as a people struggling against oppressive and exploitative social forces.


*Keywords:* welgang bayan, martial law, social movements, social semiotics, discourse analysis

Niyanig ang mga huling taon ng diktadurang Marcos ng sunod-sunod na mga welgang bayan, mga malawakang pagkilos ng taumbayan na pinagsama ang pagtigil ng trabaho sa mga opisina, pagawaan, at pamilihan, tigil-pasada, at mga koordinadong protesta sa lansangan. Nagkaroon ito ng kumulatibong epekto ng pagbubunsod ng paghinto ng normal na takbo ng panlipunan at ekonomikong aktibidad. Sa tulak ng kilusang anti-diktadura, ipinutok ang isa sa mga unang matagumpay na welgang bayan sa siyudad ng Davao noong Oktubre 22–24, 1984. Tugon ito ng mga progresibong organisasyon sa Timog Mindanao sa pambansang panawagan para sa paglunsad ng mga protesta laban sa pagtaas ng presyo ng langis. Bunga ng brutal na pagpaslang kay Alex Orcullo, popular na peryodistang matapang na tagapagsalita laban sa diktadura, sa kanya mismong kaarawan noong Oktubre 19, 1984 (Malay 151–52), naipihit ang galit ng taumbayan sa Davao sa militanteng pagkilos na lagpas sa simpleng tigil-pasada at humantong sa ganap na paralisasyon ng lungsod sa loob ng tatlong araw (Quimpo 387–88). Makalipas ang isang buwan, inilunsad ng kilusang rebolusyonaryo sa Mindanao ang mga welgang bayan sa mga sentrong urban sa iba't ibang bahagi ng isla noong Nobyembre 26–30, 1984 (tingnan ang pigura 1). Sinaklaw nito ang dalawampu't tatlong pangunahing siyudad at daan-daang munisipalidad sa Mindanao na nagdulot ng ganap na paralisasyon sa siyudad ng Davao sa buong durasyon ng welgang bayan.

Dalawang araw din na naparalisa ang siyudad ng Butuan sa Agusan del Norte at isang araw na naparalisa ang mga siyudad ng Cagayan de Oro sa Misamis Oriental, Digos sa Davao del Sur, at Tagum sa Davao del Norte (Communist Party of the Philippines, “Welgang Bayan, Lumalaganap” 16).


Welgang bayan, lumalaganap




**Pigura 1.** “Welgang bayan, lumalaganap” at ilustrasyon na kalakip ng artikulo sa edisyong Disyembre 1984 ng *Ang Bayan* (Communist Party of the Philippines). Philippine Radical Papers, University Library, U of the Philippines, Diliman.

Nasa likod ng mga welgang bayan na ito ang Communist Party of the Philippines (CPP) na sa panahong ito ay nasa ulo ng mga pagsisikap na labanan ang diktadurang Marcos sa pamamagitan ng armadong pamamaraan at iba pang anyo ng militanteng pagkilos sa kanayunan at kalunsuran. Itinatag ang CPP noong Disyembre 26, 1968 ng mga kabataang kadre ng lumang Partido Komunista Pilipinas (PKP) sa pangunguna ni Jose Maria Sison upang pamunuan ang isang pambansa demokratikong rebolusyon laban sa estadong binatikos bilang instrumento ng pang-aapi at pananamantala ng mga naghaharing-uri at dayuhang imperyalista.[1] Sa paghihiwalay nito sa lumang PKP na pinuna bilang taksil sa simulaing rebolusyonaryo at sunod-sunuran sa rehimeng Marcos, itinaguyod ng CPP ang armadong pakikibaka na pangunahing pamamaraan ng pagsusulong ng panlipunang pagbabago (Saulo 121–26). Itinatag ng CPP ang kanyang armadong pangkatin, ang New People’s Army (NPA), noong Marso 29, 1969 ayon sa estratehiya ng matagalang digmang bayan na nakabalangkas sa pagkubkob ng mga siyudad mula sa mga rebolusyonaryong base sa kanayunan (Guerrero 182–85).

Sa pagdeklara ng Batas Militar noong 1972 at brutal na pagsupil sa anumang pagtutol sa diktadura, natulak ang maraming mamamayan na tahakin ang rebolusyonaryong landas na hinahandog ng CPP. Sa pagbukas ng dekada ’80, higit

pang lumawak ang hanay ng lihim na kilusang rebolusyonaryo. Dito'y nagsimula nang bumuhos sa mga siyudad ang malalaking kilos-protesta matapos ang ilang taon ng relatibong katahimikan sa harap ng pag-igting ng pang-ekonomikong krisis, matinding korupsiyon ng mga Marcos, at ibayong karahasan ng estado laban sa mamamayan (De Dios 122–26). Isa ang welgang bayan sa mga bagong anyo ng pagkilos na hinubog ng kilusang rebolusyonaryo sa panahong itong maituturing na rurok ng anti-diktadurang pakikibaka. Unang pinalaganap sa isang internal na memo ng National United Front Commission ng CPP sa kalagitnaan ng 1984, ang konsepto ng welgang bayan ay adaptasyon sa lokal na kalagayan ng Pilipinas sa konsepto ng *general strike* o pangkalahatang welga (Quimpo 382). Dahil sa kawalan ng malaking konsentrasyon ng mga industriyal na manggagawa na katumbas sa Europa ng ika-labinsiyam na siglo kung saan unang tumampok ang pangkalahatang welga sa pagsigla ng militanteng kilusang anakpawis, natulak ang CPP na saklawin ang pampublikong transportasyon, mga komunidad ng maralitang lungsod, mga paaralan, at iba pang susing sektor ng ekonomiya (Chapman 230; Jones 137).

Sa artikulong ito, sinusuri ko ang representasyon ng mga panlipunang aktor kaugnay sa paglulunsad ng mga welgang bayan na mababasa sa anim na artikulong inilathala noong 1984 at 1985 sa *Ang Bayan*, ang opisyal na publikasyon ng Komite Sentral o sentral na pamunuan ng CPP. Inakses ko ang naturang mga artikulo sa Philippine Radical Papers (Filipiniana Special Collections) ng University of the Philippines Main Library . Naglalaman ang koleksyon ng aklatan ng mga peryodiko, dokumento, at iba pang materyales mula sa kilusang rebolusyonaryo sa Pilipinas, kabilang na ang 237 isyu ng pahayagan mula 1969 hanggang 1992. Bilang tinig ng pamunuan ng Partido, inilathala ang *Ang Bayan* upang ipaliwanag sa mga kasapi at abanteng aktibista ang mga prinsipyo, pagsusuri, at patakaran ng Partido sa iba't ibang usapin at linya ng gawain at upang i-ulat ang mga signipikanteng pangyayari sa loob at labas ng bansa (CPP, "Ang Bayan Orientation, History and Situation" 17). Mula sa gayong tunguhin nagmumula ang masinsin na pagsisikap ng pahayagan na maiulat ang iba't ibang aspekto ng ginagawa ng CPP at mga pangyayaring kinakasangkutan nito.

Ang kabuluhan ng pahayagan sa pagbibigay ng larawan sa inabot ng kilusang rebolusyonaryo sa paglaban sa diktadura ay bagay na hindi mahuhugot sa pagbabasa ng opisyal na midya ng rehimen na mas nakatutok sa pagpapatahimik sa mga kritiko ng rehimen (Mijares 497–560). Sa gayon, mahalaga itong rekurso upang unawain kung paano nagbahagi ang Partido ng mga modelo ng pagkilos at malay na hinulma ang mga anyo ng paglaban sa mga taong itinuturing na rurok ng anti-diktadurang pakikibaka laban sa rehimeng Marcos. Dahil tumutugon ang *Ang Bayan* sa pangangailangan ng mga kasapi ng kilusang rebolusyonaryo para sa

maaasahang datos upang masukat ang sariling kakayahan na baguhin ang lipunan (Hau 243–44), nangangahulugang may elemento ng katotohanan ang ipinapahayag nitong lawak at lalim na naiabot ng kilusang rebolusyonaryo.

Mailulugar ang mga representasyon ng mga panlipunang aktor na lumalahok sa welgang bayan sa partikular na tagpo ng pagtindi ng krisis panlipunan at paglawak ng mga pakikibakang-bayan na humantong sa pagpapabagsak ng diktadura. Ngunit binubuksan din ang pagsusuri nito sa pag-unawa sa rebolusyonaryong diskurso ng CPP na lumalampas sa partikularidad ng historikal na tagpong pinagmulan nito at patuloy na nag-iimpluwensiya sa mga bagong henerasyon ng rebolusyonaryo matapos bumagsak si Marcos. Ipinapatampok ng salitang welgang bayan at ng representasyon ng mga panlipunang aktor na kaugnay nito ang pangangailangan ng pagbubuklod ng iba't ibang uri at sektor bilang bayan na lumalaban sa mga puwersang mapang-api at mapagsamantala. Sa huli, ipinapamalas nito kung paanong nahuhulma at nabibigyan ng buhay ang mga salita sa panahon ng masidhing tunggaliang panlipunan (Mojares, "Words That Are Not Moving: Civil Society in the Philippines" 46).

## Materyalista at Sosyo-Semyotikong Balangkas

Nakatuon ang pag-aaral na ito sa representasyon ng mga panlipunang aktor. Sa isang banda, nariyan ang mga panlipunang aktor bilang tagaganap ng mga panlipunang praktika. Sa kabilang banda, nariyan naman ang representasyon o ang paglikha ng kahulugan gamit ang wika (Hall 2). Upang mabigyan ng saysay ang relasyon ng dalawang termino, nakasandig ang pag-aaral sa Marxistang kritikal na teorya na nagbibigay ng materyalistang batayan sa pag-iral ng mga anyo ng kamalayan na ipinapahayag sa pamamagitan ng wika. Habang humuhugot naman ang pagsusuri ng representasyon ayon sa sosyo-semyotikong pagbabalangkas ni Theo Van Leeuwen sa mga librong *Discourse and Practice: New Tools for Critical Discourse Analysis* (2008) at *Introducing Social Semiotics* (2005) sa diskurso bilang proseso ng muling pagsasakonteksto ng panlipunang praktika sa mga teksto.

Ayon kay Van Leewen, ang sistema ng wika ay maituturing na mga "semyotikong rekurso" na ginagamit sa konteksto ng partikular na mga panlipunang praktika at kontekstong institusyonal (*Introducing Social Semiotics* 3). Bumubukas ang gayong pagsusuri sa paglulugar ng relasyon ng materyal na referent at senyal o *sign* mula sa materyalistang balangkas na tumutukoy sa akto ng representasyon bilang napapaloob sa mga partikular na moda ng produksiyon, distribusyon, at resepsiyon. Bukod sa bentahe ng pagkakaroon nito ng partikular na tuon sa representasyon ng mga panlipunang aktor, makabuluhan ang presisyon ng pagtatangi nito sa mga panlipunang praktika at sa iba't ibang paraan ng pagbibigay ng representasyon sa mga praktikang ito (*Discourse and Practice* 6).

Itinuturing ko ang mga panlipunang aktor sa mga pahina ng *Ang Bayan* bilang mga tekstuwal na elemento, mga semyotikong rekurso, na sinasalang na yunit ng pagsusuri. Sinimulan ko ang proseso ng pagsusuri sa pamamagitan ng paglista at pagdokumento sa lahat ng mga panlipunang aktor na nabanggit sa anim na artikulo sa *Ang Bayan* sa talahanayan 1.


**Talahanayan 1.** Mga Artikulo sa Ang Bayan sa mga Taong 1984-1985 na May Kinalaman sa Welgang Bayan

| Isyu | Pamagat | Pahina |
|---|---|---|
| Disyembre 1984 | "Welgang Bayan: Bigwas Sa Kaaway Sa Kalunsuran" | 3–5 |
| Disyembre 1984 | "Welgang Bayan, Lumalaganap" | 16–17 |
| Mayo 1985 | "Mga Welgang Bayan" | 5 |
| Hulyo 1985 | "Welgang Bayan: Masigabong Tagumpay, Bigwas Sa Kaaway" | 3–6 |
| Oktubre 1985 | "28 Demonstrador, Minasaker Sa Negros" | 12–13 |
| Disyembre 1985 | "Mobilisasyon" | 17 |

Pagkatapos ay isa-isa kong sinuri ang mga naitalang panlipunang aktor sa konteksto ng sipi na kinabibilangan nito sa teksto. Ito ang unang antas ng sosyo-semyotikong pagsusuri ng paglalakip at pagbubukod sa teksto. Hindi ko na sinuri ang mga aktor na hindi inilakip sa diyaryo dahil mas produktibo ang ganitong tipo ng analisis sa kritikal na paghahambing sa magkaibang representasyon ng parehong panlipunang praktika kaysa sa pagsusuri ng isang teksto (Van Leeuwen, *Discourse and Practice* 29).

Sa proseso ng pag-iimbentaryo ng mga panlipunang aktor at sosyo-semyotikong operasyong pinapalooban nito, naging malinaw ang kaibahan sa representasyon sa *Ang Bayan* ng mga aktor na maituturing na kaibigan at kaaway ng rebolusyon. Ekspresyon ito ng malay na interbensiyon ng mga manunulat at editor ng pahayagan alinsunod sa batayang kumbensiyon ng rebolusyonaryong peryodismo upang madiin sa kanyang mambabasa ang tunggalian ng uri. Sa pigura 2, ipinapakita ang mga sosyo-semyotikong kategorya ni Van Leeuwen na isinalin sa Filipino at binago upang mailapat sa aking pag-aaral batay sa kung ano ang pinakamapakikinabangan. Kabilang sa aking paglalapat ang pagsasagawa ng mga metodolohikal na pagtatangi at modipikasyon para sa paglilinaw ng mga konsepto at mas praktikal na operasyonalisasyon ng pagsusuri.

Halimbawa, inilalakip ni Van Leeuwen ang mga sosyo-semyotikong operasyon ng nominasyon at kategorisasyon sa ilalim ng personalisasyon (ang paglarawan sa mga aktor bilang tao) (*Discourse and Practice* 52). Ngunit gaya ng ipapakita ng pagsusuri, malinaw na hindi lamang nagagamit ang dalawang ito para sa mga indibidwal na mga tao kundi maging sa mga grupo tulad ng mga organisasyon, institusyon, at kolektibo na may mga pantanging pangngalan din o kaya'y tinatawag ayon sa kanilang papel o tungkulin na ginagampanan.




**Pigura 2.** Pagsasalin at paglalapat ng sosyo-semyotikong modelo ng representasyon ng mga panlipunang aktor ni Theo Van Leeuwen sa kasalukuyang pag-aaral (“Social Actor Network,” *Discourse and Practice* 52) .

Isinagawa rin ng pag-aaral ang paglilinaw sa konsepto ng “overdetermination” o sagarang-determinasyon batay sa paggamit ni Van Leeuwen nito bilang pagrerepresenta sa mga panlipunang aktor bilang lumalahok sa mahigit sa isang panlipunang praktika sa parehong panahon (*Discourse and Practice* 47). Mahalagang salik ng kasalukuyang pag-aaral ang paglalapat ng binuong modelo ni Van Leeuwen na nakatuon sa wikang Ingles para sa wikang Filipino. Dahil Ingles ang batayan ng sosyo-semyotikong imbentaryo ni Van Leeuwen, walang “one-to-one” na pagtutugma sa mga kategorya nito para sa wikang Filipino. Kinailangan pang pagtagpuin ang kanyang mga kategorya sa mga partikular na lingguwistikong katangian ng Filipino na ginagamit ng CPP.

## Pagpapataas ng Antas ng Armadong Pakikibaka

Mahalagang maisakonteksto ang inobasyon na kinakatawan ng welgang bayan sa estratehiya ng matagalang digmang bayan ng hakbang-hakbang na akumulasyon ng puwersang tinatanganan ng CPP upang mapangibabawan ang inisyal na kahinaan nito at magkaroon ng sapat na lakas na may kakayahang pabagsakin ang naghaharing sistema. May mga takda itong mga yugto na kumakatawan sa nagbabagong balanse ng puwersa sa pagitan ng panig ng rebolusyon at ng kontra-rebolusyon. Mula sa danas ng rebolusyong Tsino, inilatag ni Mao Zedong ang tatlong yugto ng pagsulong ng digmang bayan sa sumusunod: ang estratehikong depensiba kung saan mahina pa ang kilusang rebolusyonaryo at nakatuon sa pag-ipon ng lakas habang nasa opensiba naman ang puwersa ng estado, ang estratehikong pagkapatas na pangunahing katangian ang pakikipag-agawan ng NPA sa mga estratehikong siyudad at malawak na teritoryo, at ang estratehikong opensiba na nakikitaan ng lubusang paghina ng naghaharing sistema at lubusang pag-aagaw ng kapangyarihang pampolitika ng kilusang rebolusyonaryo (Mao Zedong, “On Protracted War” 123–32).

Habang nakabatay ang paglalapat ng klasikal na linyang Maoista sa kongkretong kondisyon ng Pilipinas na siyang pangkalahatang balangkas ng paglulunsad ng armadong pakikibaka ng CPP (Guerrero 191–96), itinuturing ang welgang bayan ng ilang kagawad ng Partido na nanguna sa pagpapatupad nito bilang pagtalikod o modipikasyon sa estratehiya ng matagalang digmang bayan patungo sa modelo ng insureksiyon o armadong popular na pag-aalsa sa mga siyudad (Quimpo 394).

Sa pagbukas ng dekada ’80, nakumpleto na ayon sa pagtatasa ng CPP ang maagang subyugto ng estrahetikong pagkapatas na kinakatangian ng pagpapalawak ng armadong pakikibaka sa buong bansa. Kung kaya tungkulin na ng kilusang rebolusyonaryo ang pagpapabilis ng abanteng subyugto ng estratehikong pagkapatas kung saan tampok ang pagpapaunlad ng gerilyang pakikidigma, isang anyo ng labanan na kinakasangkapan ng mas maliit na puwersang militar laban sa mas malaking kaaway sa pamamagitan ng mga taktika ng pagkamakilos, pananambang, panlalansi, at pananabotahe.

Batay sa walang kaparis na mga pag-abante na natamo ng kilusang rebolusyonaryo, napagpasyahan ng Komite Sentral ng Partido ang pagsusulong ng mga hakbang para sa ibayong pagpapataas ng antas ng digmang bayan sa pamamagitan ng paglulunsad ng isang estratehikong kontra-opensiba na tatawid ng estratehikong depensiba patungo sa estratehikong pagkapatas. Nilalaman ng estratehikong kontra-opensiba ang pagbubuo ng mas malalaking puwersang gerilya at paglulunsad ng mga partisanong pakikidigma at welgang bayan sa mga siyudad. Tinatanaw ito

bilang tuntungan sa paghahanda para sa mas masaklaw na mga armadong pag-aalsa sa kalunsaran sa malapit na hinaharap (CPP, "General Review" 21).


Mula sa mga inisyal na pagsabak nito sa huling bahagi ng 1984, naging sunod-sunod na ang paglulunsad ng mga welgang bayan sa taong 1985, kung saan tampok ang mga welgang bayan sa maraming bahagi ng Mindanao sa okasyon ng Pandaigdigang Araw ng Manggagawa noong Mayo 1, 1985 at mga welgang bayan na nagparalisa sa mga siyudad ng Bacolod sa Negros, Legaspi sa Albay, at Iloilo sa isla ng Panay patungo sa pagdiriwang ng Pandaigdigang Araw ng Karapatang Pantao noong Disyembre 10 (CPP, "Mga Welgang Bayan" 5).





**Pigura 3.** Larawan, "Raising high the barricades" sa edisyong Mayo–Hunyo 1985 ng *Liberation* (National Democratic Front). Philippine Radical Papers, University Library, U of the Philippines, Diliman.

Itinambol sa masmidya at maging sa ibayong dagat ang welgang bayan sa probinsiya ng Bataan noong Hunyo 10–20, 1985 dahil sa matagumpay nitong paglaban sa pagtatayo ng Bataan Nuclear Power Plant (BNPP) (National Democratic Front, "Barricades in Bataan" 6) (tingnan ang pigura 3). Binigyang-tuon ng kilusang rebolusyonaryo ang pagpapanday ng militanteng pagkakaisa ng mga taga-Bataan sa panawagang anti-nukleyar at anti-militarisasyon na nagbunsod sa paralisasyon ng siyento-porsiyento ng sosyo-ekonomikong aktibidad sa Bataan. Nagpapakita ito ng direksiyon na maaaring tahakin ng armadong rebolusyon sa hinaharap (CPP, "Welgang Bayan: Masigabong Tagumpay") (tingnan ang pigura 4).

Isa sa mga pinakatampok ang pandarahas sa welgang bayan sa Escalante, Negros na nauwi sa tinaguriang "Masaker sa Escalante" na nagresulta sa pagkamatay ng dalawampu't walo at dose-dosenang sugatan. Nagpoprotesta ang pitong libong katao sa harap ng munisipyo ng Escalante sa bisperas ng ikalabintatlong anibersaryo ng deklarasyon ng Batas Militar noong Setyembre 20, 1985 nang paulanan sila ng bala ng mga puwersa ng diktadura (CPP, "28 Demonstrador"; National Democratic Front, "Weaving a Network of Repression" 3) (tingnan ang pigura 5).




Bayan

WELGANG BAYAN:

Masigabong tagumpay, bigwas sa kaaway

Malakas na bigwas

**Pigura 4.** Headline, "Masigabong tagumpay, bigwas sa kaaway," at kalakip na ilustrasyon mula sa edisyong Hulyo 1985 ng *Ang Bayan* (Communist Party of the Philippines). Philippine Radical Papers, University Library, U of the Philippines, Diliman.



28 demonstrador, minasaker sa Negros

Sumilakbo ang poot ng sambayanang Pilipino sa pagmasaker ng mga tropa ng rehimeng Marcos sa mga mapayapang nagrarali sa Escalante, Negros Occidental, noong Setyembre 20. Di kukulangin sa 27 ang namatay sa masaker, pinakamalaking bilang ng namatay sa kasaysayan ng mapayapang protestang masa sa Pilipinas. Dose-dosena ang nasugatan at halos 200 iba pa ang nawawala.

Nagrarali ang 7,000 mamamayan sa harap ng munisipyo ng Escalante noong katanghalian ng Setyembre 20, bisperas ng ika-13 anibersaryo ng pagpataw ng batas militar, nang paulanan sila ng bala ng mga sundalong PC, pulis at myembro ng CHDF. Ang mga pasista ay gumamit ng masinggang nasa itaas ng munisipyo at malalakas na riple.

Pinagbabaril ang mga demonstrador habang sila'y nakadapa o kaya'y tumatakbo. Sa likod ang kanilang mga tama. Di pa kontento sa madugong krimen nila, ipinaaresto pa ng mga pasista ang 25 lider ng balangay sa Negros Occidental ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN), ang pederasyong naglunsad ng mga aksyong protesta sa kapuluan kaugnay ng anibersaryo ng batas militar [pahina 13].

12 / Oktubre 1985 / ANG BAYAN

Higit na nagpasabog sa galit ng sambayanan ang pahayag na ang may kasalanan ay miyembro mga nagrali. Ang di kapani-paniwalang pagbibintang na ito ay ginawa nina Brig. Gen. Isidro de Guzman, pinuno ng Regional Unified Command VI ng AFP na sumasaklaw sa Negros Occidental, at Armando Gustilo, hari-hariang kilabot sa hilagang Negros, alipuris ni Marcos, at kasalukuyang presidente ng National Federation of Sugar Planters. Kalahok sa pagmamasaker ang sariling CHDF ni Gustilo.

Ang masaker ay kinondena ng iba't ibang organisasyon at personahe na kumakatawan sa iba't ibang sektor—manggagawa, magsasaka, tao ng simbahan, mga propesyunal, negosyante, kababaihan, istudyante, at iba pa.

Nagdaos ng mga martsa, rali, pag-aayuno, protestang misa, at iba pang aksyong masa sa Negros Occidental at Metro Manila mula noong huling bahagi ng Setyembre hanggang ngayong Oktubre. Nitong Oktubre 13, nagdaos ng protestang rali ang 30,000 mamamayan sa Bacolod City, kabisera ng probinsya, sa pamumuno ng BAYAN. Nasukadkad sa mga pader ng syudad na iyon at karatig na mga munisipalidad ang mga mensaheng nakapinta na nagsasabing, "De Guzman-Gustilo, Utak ng Masaker sa Escalante" at "Kamatayan kay Gustilo!".

Sinunog ng mga nagrarali ang mga effigy na kumakatawan sa imperyalismong US at kina Marcos, Gustilo, De Guzman, Meyor Braulio Lumayno ng Escalante, at anim na alipuris ni Gustilo sa lokal na masmidya na nagsasabing ang dapat panagutin sa masaker ay ang mga demokratikong tao ng simbahan at unyon ng mga manggagawa.

Dumagsa rin ang mga pahayag ng iba't ibang organisasyon sa buong kapuluan. Isa na rito ang pahayag ng Pambansa-Demokratikong Prente (NDF), na nagsasabing, "Kinukumpirma ng masaker sa Escalante ang patakaran ng pagpapaibayo sa terorismo ng estado at pangmilitar na panunupil na pinalalarga ng diktadurang US-Marcos laban sa sambayanang Pilipino at mga progresibong pambansang lider nila."

Sinabi rin ng NDF na may katwiran talaga ang mga mapayapang nagpoprotesta sa Escalante na lumaban na nang armado, at idinagdag na "Hindi pahihintulutan ng

**Pigura 5.** Headline, "28 demonstrador, minasaker sa Negros," mula sa edisyong Hulyo 1985 ng *Ang Bayan* (Communist Party of the Philippines). Philippine Radical Papers, University Library, U of the Philippines, Diliman.

Habang magiging sentro ang welgang bayan sa mga debate sa estratehiya at taktika ng kilusang rebolusyonaryo sa mga taon kasunod ng pagbagsak ng diktadura, itinuturing ng CPP ang welgang bayan sa kalagitnaan ng dekada ’80 bilang pinakamatapang at pinakamalawak na porma ng pakikibaka sa mga sentrong bayan na nagpapasilip sa napipintong tagumpay ng rebolusyon (CPP, “Welgang Bayan: Bigwas Sa Kaaway”).

## Mga Modelo ng Rebolusyonaryong Pagkilos

Unang ipinakilala sa mga mambabasa ng *Ang Bayan* ang konsepto ng welgang bayan sa “Welgang bayan: Bigwas sa Kaaway sa Kalunsuran” (tingnan sa pigura 6), isang mahabang editoryal na lumabas sa Disyembre 1984 isyu ng pahayagan. Dito binigyan ng kahulugan ang welgang bayan bilang pangkalahatan at koordinadong multisektoral na pagkilos sa kalunsuran na puwedeng sumaklaw sa kanayunan at nagreresulta sa paralisasyon ng industriya, transportasyon, edukasyon, komersyo at burukrasya (CPP, “Welgang Bayan: Bigwas Sa Kaaway” 3). Kinakatangian ito ng pagkilos ng malaking bahagi o mayorya ng populasyon, kabilang na ang tigil-trabaho ng mga manggagawang industriyal, pagbabarikada ng mga maralitang lungsod, tigil-pasada ng mga drayber sa pampublikong transportasyon, pagpapasara ng mga paaralan ng mga estudyante, at pakikiisa sa lansangan ng iba’t ibang sektor.

Tinatanaw ang welgang bayan ng CPP noong 1984 bilang isang paraan ng tuwirang pagbigwas laban sa diktadurang Marcos. Bagaman hindi pa nito kaya durugin ang mga puwersa ng diktadura gaya ng nagagawa ng armadong pakikibaka kung saan nililipol ang mga tropa ng militar at kapulisan, nayayanig naman ng welgang bayan ang pang-ekonomiko at pampolitikang pundasyon ng rehimeng Marcos. Ayon pa sa editoryal, ang mga welgang bayan ay paghahanda sa mamamayan para sa lalong madaling paglulunsad ng mga popular na pag-aalsa na koordinado sa pangkalahatang pagsulong at pag-igting ng armadong pakikibaka sa kanayunan (4).

Ang “Welgang Bayan: Bigwas sa Kaaway sa Kalunsuran” at iba pang artikulong katulad nito sa *Ang Bayan* ay nagsisilbing mga modelo ng rebolusyonaryong pagkilos para sa kanyang mga mambabasa na hindi naman talaga ang pangkalahatang publiko kundi mga kadre at kasapi ng Partido at mga rebolusyonaryong aktibista. Tinatalakay nito ang iba’t ibang aspekto ng ideolohikal, politikal, at pang-organisasyong gawain para sa rebolusyonaryong pagsusulong sa isang takdang panahon ayon sa pangangailangan ng kilusan at kinakaharap niyang kalagayang pampolitika.

ANG Bayan    Taon 16 Bilang 10 Disyembre 1984

# Welgang bayan

# Bigwas sa kaaway sa kalunsuran

Sa init ng kasalukuyang rebolusyonaryong klima, isang bago't mas mataas na porma ng pakikibaka ang sinusubok at pinapanday ng hayag na kilusang masang nakasentro sa kalunsuran. Ito ang welgang bayan.

Isang sinyal ito ng nagbabantang pagsiklab ng kasalukuyang rebolusyonaryong sitwasyon sa buong bansa. Paggigiit ito ng popular na sentimyento sa buong bayan na paigtingin ang pakikibaka sa lahat ng larangan ng labanan.

**Ano ang welgang bayan?**

Ang welgang bayan ay pangkalahatan at koordinadong multisektoral na pagkilos sa kalunsuran at maaaring sumaklaw rin sa mga kanayunan. Ang pinakatampok na anyo't pinakakagyat na epekto nito ay ang paralisasyon ng normal na aktibidad ng lipunan at pagkakauga ng pang-ekonomya't pampulitikang pundasyon ng pasistang estado.

Ang mga welgang bayan, laluna ang mga tahasang pampulitika, ay pag-igpaw sa kalidad at porma ng kilusang protesta mula sa antas ng mga rali't demonstrasyon. Sa welgang bayan, ang popular na simpatya sa mga rali't demonstrasyon ay naisasalin sa popular na aksyon ng malaking bahagi kundi man mayorya ng populasyon mula sa antas ng pagpapahayag ng pagtutol tungo sa tuwirang pagbigwas sa kaaway. Tuwirang pagbigwas sa kaaway ang paralisasyon ng industriya, transportasyon, edukasyon, komersyo at burukrasya. Hindi man nito nadudurog, gaya ng nagagawa ng armadong pakikibaka, nauuga naman nito ang mga pundasyon ng pasistang estado.

Sa kaparaanan ng pagsulong ng mga welgang bayan, dapat na mapaunlad na salalayang lakas nito ang pangkalahatang welga ng proletaryadong industriyal sa mga pangunahing lunsod ng bansa.

Ito ang titiyak sa tigas, lalim at talas ng welgang bayan. Sa mga sentrong bayang maliit ang proletaryadong industriyal, ang pangunahing lakas ay magmumula sa malaproletaryado, katulong ang petiburgesya. Sa mga syudad at kabayanang sakop o [illegible] ng mga larangang gerilya, gaganap ng natatanging papel ang kilusang magsasaka at ang hukbong bayan, laluna ang masaklaw na impluwensya at epektong pampulitika ng armadong pakikibaka.

Sa mabilis at istratehikong paralisasyon ng normal na aktibidad, gaganap ng susing papel ang pangkalahatang welga ng malaproletaryado sa linya ng transportasyon. Motibong pwersa rin ng welgang bayan ang maralitang lunsod. May partikular silang kahalagahan sa pagtatayo't pagpapalakas ng mga barikada na importanteng sangkap ng welgang bayan. Ang pangkalahatang boykot ng mga istudyante ang titiyak sa pangkalahatang katangian ng welgang bayan, laluna't mahig-



ANG BAYAN / Disyembre 1984 / 3

**Pigura 6.** Headline, "Welgang bayan: Bigwas sa kaaway sa kalunsuran" mula sa edisyong Disyembre 1984 ng *Ang Bayan* (Communist Party of the Philippines). Philippine Radical Papers, University Library, U of the Philippines, Diliman.

Sa pagbukas ng dekada ’80, naging tampok ang paglalabas sa mga pahina ng *Ang Bayan* ng mga artikulo na nagpapaliwanag sa mga elemento ng pagtalon sa mas mataas na antas ng armadong pakikibaka. Ilang halimbawa ang mga artikulo sa pahayagan na naglilinaw sa iba’t ibang aspektong militar ng kilusang rebolusyonaryo sa panahong saklaw ng pag-aaral: ang pagpapaunlad ng mga puwersang gerilya sa “Pwersang Panlaban: Ganap na Yunit Gerilya” at “Kumpanyang Gerilya ng BHB”; ang pagsiguro sa materyal na suporta ng masa sa digmang bayan sa “Kuryer” at ang milisyang bayan (MB) sa “Pag-unlad ng Suportang masa: Milisyang Bayan”; at pagbukas ng mga bagong larangan ng digma sa “Gerilya… sa Lunsod.”

Kaugnay nito ang ilan pang mga artikulo na nagmamapa sa iba’t ibang rehiyon ng bansa bilang mga lunsaran ng tunggalian sa pagitan ng mga puwersa ng rebolusyon at kontra-rebolusyon: “Leyte: Larangan ng Labanan,” “Digmang Bayan sa Mindanaw,” “Sa Kordilyera: Digmaan at Kapayapaan,” “Ambag sa Rebolusyon: Digmang Bayan sa Samar,” “Digmang Bayan sa ‘CV’,” at “Negros: Napakainam na Sitwasyon.”

Nagsilbing gabay sa mga editor at manunulat ng *Ang Bayan* at iba pang mga rebolusyonaryong pahayagan ang inilabas ng Pambansang Komisyon sa Edukasyon at Propaganda (KOMEDPROP) na *Maikling Kurso sa Rebolusyonaryong Peryodismo* (1981). Bilang bahagi ng pagtatangan ng CPP sa interes ng inaapi’t sinasamantala, ibinalangkas sa *Maikling Kurso* ang pagsusulat ng balita bilang bahagi sa anuman sa dalawang kategorya: (1) paglalantad sa kaaway at (2) paglalahad sa buhay at pakikibaka ng mamamayan (Komisyon sa Edukasyon at Propaganda 4).

Kongkreto itong manipestasyon ng pagkilala ng CPP sa kayarian ng representasyon bilang tereyn din ng tunggalian at sa kanyang malay na paghuhulma nito ayon sa mga makauring pagtataya. Sa katunayan, ang gayong pagdidiin sa mga tunggaliang panlipunan na binigyan ng mga partikular na kumbensiyon sa *Maikling Kurso* ay pagpapatuloy din sa mahabang tradisyon ng peryodismong hayagang tumutuligsa sa namamayaning kaayusan mula sa *La Solidaridad* ng mga ilustrado at *Kalayaan* ng Katipunan, mga subersibong diyaryong bernakular sa pananakop ng Amerikano, “guerrilla press” sa ilalim ng paghaharing Hapones, hanggang sa alternatibong midya sa panahon ng diktadura (Ambrosio 326–27; Mojares, “The Rebel Papers” 13; Teodoro 34).

Kung kaya laging may dalang panganib ang anumang pagsusuri sa anyo at nilalaman at mga proseso ng produksiyon, distribusyon, at resepsiyon ng rebolusyonaryong peryodismong kinakatawan ng *Ang Bayan* pangunahin ayon sa pagsunod o paglihis nito sa mga pamantayan ng peryodismong tradisyonal o mainstream na siyang pangunahing kiling ng mga naunang iskolarsyip hinggil sa paksa (Tangi; Encanto).

Humahantong ito sa makaisang panig na pagsasantabi ng iba pang kalikasan ng mga diyaryong rebolusyonaryo na tumutugon sa partikular na pangangailangan ng institusyon at simulaing pinapalooban nito.

Samakatuwid, higit na mauunawaan ang pagbibigay representasyon sa mga panlipunang aktor sa konteksto ng diskursong mapaghimagsik ng kilusang rebolusyonaryo kung saan napapaloob ang welgang bayan bilang bahagi ng *repertoire* ng mga taktika at anyo ng pagkilos na bahagi ng mas malawak na estratehiya ng digmang bayan. Ang gayong paglulugar ng welgang bayan ay nagdudulot ng paglalarawan sa mga panlipunang aktor ayon sa kanilang panig sa tunggalian ng uri at sa kanilang papel sa mga hakbang at kontra-hakbang, atake at ganting-salakay na nagaganap sa larangan ng pakikibaka.

## Pag-iimbentaryo ng mga Kaibigan at Kaaway

Sa isinagawang pagsusuri ng mga representasyon ng panlipunang aktor sa anim na artikulo sa *Ang Bayan* hinggil sa welgang bayan, malinaw ang pagtagos ng makauring tindig ng rebolusyonaryong peryodismo sa kategorisasyon ng mga uring panlipunan, sektor, at paghahanay sa kanila bilang kaaway at kaibigan ng rebolusyon. Sumusunod ito sa lohika ng kolektibisasyon, isang tipo ng sosyo-semyotikong operasyon na tumutukoy sa mga panlipunang aktor bilang mga kolektibo sa pamamagitan ng maramihan o plural na anyo ng salita o sa mga pangngalan na tumutukoy sa grupo ng tao.[2]

### *Kolektibisasyon at Kategorisasyon*

Ipinapakita sa talahanayan 2 ang dalas ng paggamit ng kolektibisasyon sa representasyon ng mga panlipunang aktor kung saan pinakamadalas nababanggit, eksaktong dalawampung beses, ang salitang “mamamayan.” Sa parehong talaan natatampok ang iba pang mga panlipunang aktor na itinuturing ng kilusang rebolusyonaryo na bahagi ng mamamayan o bayan. Nariyan ang mga panggitnang puwersa, ang mga petiburgesya, intelektuwal, propesyonal tulad ng guro, abogado, mamamahayag, at kasapi ng masmidya, maliliit na negosyante at panggitnang burgesya na nasa pagitan ng naghaharing-uri at ng mga mababang uri at sa gayon ay dapat mahikayat na pumanig sa rebolusyon. Kabilang sa mamamayan ang batayang masa, ang mas makitid na koleksiyon ng mga uri at sektor na pangunahing kalahok sa produksiyon, lalo na sa manwal na paggawa, tulad ng mga manggagawa at magsasaka.

**Talahanayan 2.** Kolektibisasyon ayon sa mga kategoryang ipinamana ng Marxista Leninistang pagsusuri ng uri sa anim na artikulo hinggil sa welgang bayan na lumabas sa *Ang Bayan* mula 1984 hanggang 1985

| Panlipunang Aktor | Dalas ng Pagbanggit |
|---|---|
| Mamamayan | 20 |
| Manggagawa | 12 |
| Estudyante | 8 |
| Magsasaka | 5 |
| Abogado | 4 |
| Guro | 3 |
| Drayber | 3 |
| Magbubukid | 2 |
| Proletaryo/proletaryadong industriyal | 2 |
| Masmidya | 2 |
| Mangingisda | 2 |
| Maralitang taga-lungsod | 1 |
| Petiburgesya | 1 |
| Mamamahayag | 1 |

Pero sa gayong kolektibisasyon ay higit na nabibigyan ng halaga ang pag-oorganisa at pagpapakilos ng mga uri at sektor na ito sa mga partikular na mga kilusan, organisasyon, at alyansa at ang mismong pagpapatakbo ng mga grupong ito bilang mga materyal na puwersa ng rebolusyon. Kaya para sa mga uri at sektor na isinasama sa pagwewelgang bayan—lalo na ang manggagawa at estudyante na pinakanababanggit sa serye ng artikulong sinusuri—natutukoy din ang partikular na hanay kung saan sila napapabilang: halimbawa ang kilusang manggagawa. Dahil pangunahin sa mga lungsod at sentrong urban ang sentro de grabidad ng welgang bayan bilang anyo ng pagkilos, karaniwang mula sa mga lungsod—manggagawa, estudyante, abogado, guro, drayber, proletaryong industriyal, at mamamahayag ang lumilitaw na mga uri at sektor na mas nababanggit sa mga sinuring artikulo. Pinakanababanggit, halimbawa, ang mga manggagawa (labindalawang beses) at estudyante (walong beses).

Makikita sa talahanayan 3 ang mga paraan ng pagtukoy ng Partido sa mga panlipunang aktor na umaayon sa lohika ng akumulasyon ng puwersa ng rebolusyon, kanilang papel sa pangkalahatang daloy ng rebolusyonaryong pagkilos, at sa balanse ng puwersa sa pagitan ng mga rebolusyonaryo sa isang panig at sa estado at kanyang aparatong militar sa kabilang panig. Nariyan ang "masa," na nabanggit nang labintalong beses sa mga teksto at tumutukoy sa mga uri at sektor na tinitipon bilang isang kolektibong katawan na may kapangyarihang yumanig sa mga namamayaning estrukturang panlipunan. Ang mga indibidwal at grupong napapasapi sa mga progresibo at rebolusyonaryong grupo ay nagiging bahagi ng "organisadong puwersa"—ang mga indibidwal at grupo na direktang

pinapumunuan o kaya'y simpatetiko sa simulain ng Partido. Ang mga organisadong puwersa ay maihahanay bilang bahagi ng kilusang lihim, na tuwirang lumalahok o nag-aambag sa armadong pakikibaka, o kaya'y sa kilusang hayag, na may hiwalay na dinamismong pang-organisasyon at mas nakatuon sa mga kilos-protesta at larangang parlamentaryo.

**Talahanayan 3.** Kolektibisasyon at kategorisasyon ayon sa diskursong militar ng mga subhetibong puwersa ng rebolusyon at kontra-rebolusyon sa anim na artikulo hinggil sa welgang bayan na lumabas sa *Ang Bayan* mula 1984 hanggang 1985

| Panlipunang Aktor | Dalas ng Pagbanggit |
|---|---|
| Militar | 16 |
| Masa | 13 |
| Kaaway | 10 |
| Diktadurang US-Marcos | 10 |
| Estado | 5 |
| Panggitnang pwersa | 5 |
| Kilusang masa | 4 |
| Kilusang hayag | 4 |
| Pwersa | 4 |
| Partido | 3 |
| Subhetibong pwersa | 3 |
| Kilusang manggagawa | 3 |
| Kilusang sektoral | 3 |
| Organisadong pwersa | 2 |
| Kilusang lihim | 2 |
| Kilusang magsasaka | 2 |
| Tropa | 2 |
| Rebolusyonaryong kilusan sa Lungsod | 2 |
| Hanay | 2 |
| Rebolusyonaryong kilusan | 1 |

Ang lahat ng naunang nabanggit ay mga "subhetibong puwersa" ng rebolusyon—ang mga uri, sektor, at grupo na malay na nagsusulong ng simulaing rebolusyonaryo—na tinatantiya kapuwa ang mga "obhetibong puwersa" tulad ng umiiral na panlipunang kondisyon at mga naghaharing institusyon at estado sa pagbabasa ng balanse ng puwersa sa pagitan ng panig ng rebolusyon at kontra-rebolusyon. Kung may mga subhetibong puwersa ng rebolusyon, nariyan din ang mga subhetibong puwersa ng kontra-rebolusyon tulad ng militar. May partikular na nominasyon sa "diktadurang US-Marcos," na naglalarawan sa pagiging kasosyo ng rehimeng Marcos sa interes ng imperyalismong US at henerikong pagtukoy nito bilang estado. Habang nabanggit nang labing-anim na beses ang militar, sampung beses ang diktadurang US-Marcos, at limang beses ang estado, tanyag sa sinusuring teksto ang pagtukoy sa lahat ng ito at ng iba't ibang instrumentalidad ng rehimen nang payak bilang "kaaway."

Pinakahalimbawa nito ang hedlayn ng artikulong "Welgang Bayan: Bigwas sa Kaaway sa Kalunsuran." Apat na beses ginamit ang salitang "kaaway" upang humalili sa rehimeng Marcos, estado, militar, at pulisya sa artikulong ito kung saan ipinapalagay ang welgang bayan bilang pagsasalin ng sentimyento ng mamamayan "sa popular na aksiyon ng malaking bahagi kundi man mayorya ng populasyon mula sa antas ng pagpapahayag ng pagtutol tungo sa tuwirang pagbigwas sa kaaway" (CPP, "Welgang Bayan: Bigwas Sa Kaaway" 3). Anim na beses din binanggit ang salitang "kaaway" sa artikulo hinggil sa welgang bayan sa Bataan kung saan binigyang-diin ang pagmantini ng disiplina sa hanay ng mga welgista "sa kabila ng sari-saring terorismo at paninira ng kaaway" (CPP, "Welgang Bayan: Masigabong Tagumpay" 5). Sa balita naman hinggil sa welgang bayan sa Mindanao, isinalaysay na marahas na binuwag ang barikada ng tatlong libong mamamayan hindi ng pulisya o militar kundi ng kaaway (CPP, "Mga Welgang Bayan" 5).

Sa pagsusuri na isinagawa dito makikita kung paanong ang kategorisasyon ayon sa papel ng panlipunang aktor (*functionalization*) ay umaalpas sa lohika ng personalisasyon kung saan inilakip ang sosyo-semantikong kategorya na ito sa social actor network ni Van Leeuwen (2008). Sa halip na nalilimita lamang sa paglalarawan ng mga indibidwal ayon sa kanilang mga papel o gawain, makikita sa wika ng *Ang Bayan* at ng kilusang rebolusyonaryo ang mismong pagbibigay ng representasyon sa mga kolektibong entidad ayon sa kanilang papel at gawain sa kilusan. Mula sa pagtatangi ng hayag at lihim na kilusan, mga kilusan sa siyudad at kilusan sa kanayunan, paghahanay ng kilusang rebolusyonaryo at ang mas malawak na kilusang masa, hanggang sa pagtutukoy ng mga kilusan ng mga partikular na sektor tulad ng manggagawa—mahihinuha sa wika nito ang mataas na antas ng paglilinang ng mga moda ng kolektibong pagkilos.

### *Nominasyon ng Kaibigan at Kaaway*

Sa kabila ng malawak na saklaw ng katagang "kaaway" upang tumukoy sa lahat ng katunggali ng lumalabang mamamayan, makikita naman sa talahanayan 4 na sila rin ang nababanggit sa pamamagitan ng indibidwalisasyon o pagtukoy bilang partikular na indibidwal at nominasyon o pagbibigay ng kanilang mismong pangalan. Direktang tinutukoy sa balita hinggil sa masaker sa Escalante ang tagapangulo ng National Federation of Sugar Planters na si Armando Gustilo (limang beses), si Brig. Hen. Isidro de Guzman (tatlong beses) ng Regional Unified Command VI ng AFP at Escalante Mayor Braulio Lumayno (isang beses) bilang nasa likod ng mga nagwewelgang magsasaka (CPP, "28 Demonstrador"). Tinutukoy din sa lathalain hinggil sa welgang bayan sa Bataan ang nakasakay sa tangke na kumander ng Philippine Constabulary sa probinsiya na si Kor. Andaya na bigo sa pananakot sa mamamayan na huwag sumama sa mga pagkilos (CPP, "Welgang Bayan: Masigabong Tagumpay").

**Talahanayan 4.** Nominasyon at indibidwalisasyon ng kilusang lihim, kilusang hayag, at puwersa ng diktadura sa anim na artikulo hinggil sa welgang bayan na lumabas sa *Ang Bayan* mula 1984 hanggang 1985

| Panlipunang Aktor | Dalas ng Pagbanggit |
|---|---|
| Taga-Bataan | 5 |
| Armando Gustilo | 5 |
| Demonstrador | 4 |
| Brig. Hen. Isidro de Guzman | 3 |
| National Democratic Front (NDF) | 3 |
| Armed Forces of the Philippines (AFP) | 2 |
| Nationalist Alliance for Justice, Freedom and Democracy (NAJFD) | 2 |
| Coalition of Organizations for the Realization of Democracy (CORD) | 2 |
| League of Filipino Students (LFS) | 2 |
| Pulis | 2 |
| Kilusang Magsasaka | 2 |
| Magsasaka | 2 |
| Masmidya | 2 |
| Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN) | 2 |
| Civilian Home Defense Force (CHDF) | 2 |
| Philippine Constabulary (PC) | 2 |
| Welgista | 2 |
| Bagon Hukbong Bayan (NPA) | 1 |
| Mayor Braulio Lumayno | 1 |
| Kor. Andaya | 1 |
| Brig. Hen. Dionisio Tan-gatue | 1 |
| Pinag-isang-gitnang Luson sa Adhikain ng Sambayanan (PIGLAS) | 1 |
| Kilusang Mayo Uno (KMU) | 1 |
| Joint US Military Assistance Group (JUSMAG) | 1 |
| Sundalo | 1 |
| Malayang Katipunan ng mga Taga-Bataan (MAKABAYAN) | 1 |
| Nuclear-free Bataan Movement (NFBM) | 1 |
| Alyansa ng Manggagawa sa Bataan (AMBALA-BALA) | 1 |
| Bataan Alliance of Students in Action (BALSA) | 1 |
| Partnership of Enlightened Religious and Lay for Active Service (PERLAS) | 1 |
| Nuclear Free Philippines Coalition (NFPC) | 1 |
| Task Force Detainees (TFD) | 1 |
| Alliance of Concerned Teachers (ACT) | 1 |

Umaayon ang ganitong pagtukoy ng mga pangalan ng mga opisyal sa alituntunin ng *Maikling Kurso sa Rebolusyonaryong Peryodismo* sa dokumentasyon ng mga pang-aabuso ng militar at rehimen: "kailangang kunin ang buong pangalan at pagkatao ng mga biktima, gayundin ang mga pangalan, ranggo at yunit ng mga pumasista sa kanila" (Komisyon sa Edukasyon at Propaganda 10). Habang nababanggit naman si Brig. Hen. Dionisio Tan-gatue, hepe ng Regional Command XI ng AFP,

bilang sanggunian ng datos hinggil sa lawak ng paralisasyon ng welgang bayan sa Mindanao. Bahagi rin ang pagtukoy sa mga pangalan ng mga personaheng itinuturing na kaaway ng pagtukoy ng pinakamakitid na target upang hingian ng pananagutan at pagbuntunan ng galit ng mamamayan. Habang ang buong sistema ang nais baguhin at ang buong diktadura ang layong pabagsakin, nababanggit ang mga indibidwal na opisyal bilang mga kinatawan ng sistema at rehimen.

Habang may nominasyon para sa mga tukoy na kaaway, makikita rin sa talahanayan 4 na ang indibidwalisasyon ng mga panlipunang aktor na nasa panig ng rebolusyon at ng hayag na kilusang anti-diktadura ay walang kaakibat na pagpapangalan ng mga personahe. Bahagi ito ng pagsisikap ng kilusan na iwasan ang paglagay sa sarili sa depensibong posisyon sa pamamagitan ng pag-iingat na hindi magbubunyag ng mga taktikal na impormasyong puwedeng magamit ng rehimen laban sa kilusan: "Kabilang dito ang tiyak na pangalan ng mga kumikilos, tiyak na pangalan at katungkulan ng mga kasama, at lalong-lalo na ang mga planong binubuo na puwedeng mawasak, kung malaman ng kaaway" (Komisyon sa Edukasyon at Propaganda 7).

Ang pinakapartikular na nominasyon ay hanggang sa antas ng pangalan ng mga organisasyon. Nariyan, halimbawa, ang National Democratic Front (NDF) bilang bahagi ng kilusang lihim. Nariyan naman ang Nationalist Alliance for Justice, Freedom and Democracy (NAJFD), Coalition of Organizations for the Realization of Democracy (CORD), League of Filipino Students (LFS), Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN), Kilusang Mayo Uno (KMU), Alliance of Concerned Teachers (ACT), Task Force Detainees (TFD), at Nuclear Free Philippines Coalition (NFPC) bilang bahagi ng kilusang hayag. Kumpleto rin ang enumerasyon ng mga rehiyonal na organisasyong hayag sa lathalain tungkol sa welgang bayan sa Bataan: ang Pinag-Isang-Gitnang Luson as Adhikain ng Sambayanan (PIGLAS), Malayang Katipunan ng mga taga-Bataan (MAKABAYAN), Nuclear-Free Bataan Movement (NFBM), Alyansa ng Manggagawa sa Bataan (AMBA-BALA), Bataan Alliance of Students in Action (BALSA), at Partnership of Enlightened Religious and Lay for Active Service (PERLAS) (CPP, "Welgang Bayan: Masigabong Tagumpay").

Mahalagang idiin dito kung paanong ang nominasyon ay hindi lamang nagaganap sa indibidwal na antas o kaya bilang sakop ng personalisasyon gaya nang ipinapakita sa pag-aaral ni Van Leeuwen. Ang mga kakabanggit na halimbawa ay nagpapakita kung paanong nagaganap din ito para sa kolektibo at institusyonal na antas. Hindi lamang mga indibidwal na tao ang binibigyan ng pangalan kundi maging ang mga organisasyon at iba pang mga kolektibong entidad. Kaiba sa suri ni Van Leeuwen na tinitingnan ang nominasyon bilang anyo ng pagmamarka ng pribilehiyo ng indibidwal, may iba itong tunguhin sa *Ang Bayan*.

Pero gaya ng nauna nang naipasilip hinggil sa obhetibasyon ng mga panlipunang aktor bilang bahagi ng propagandistikong genre, dapat din alalahanin kung paanong ang mga naihanay dito ayon sa kanilang lugar sa tunggalian ng uri bilang mga kaibigan o kaaway ng rebolusyon ay nabibigyan din ng abstraktong representasyon. Sa “Welgang Bayan: Bigwas sa kaaway sa kalunsuran,” halimbawa, ay kinakatawan ng abstraktong konsepto ng “popular na simpatya” ang lumalaban na mamamayan (CPP 3). Sa “Welgang Bayan: Masigabong Tagumpay, Bigwas sa Kaaway” naman ay tatlong beses na kinakatawan ng “martsa” ang nabubuklod at kumikilos na mamamayan: “Hinarang ang dalawang martsa” (CPP 4); “Libu-libo pa ang ispontanyong dumalo sa mga programa sa barikada at humilera sa kalsada sa pagdaan ng martsa, taimtim na nagpapakita ng simpatya”; at “Sa mga dinaanan ng martsa, marami ang naluluha sa natatanaw na eksena…” (5). Kinakatawan ng kanilang mismong mga katawan ang mamamayan: “ang pagharang ng sarili nilang mga katawan at pagpapatigil sa nagtangkang mangwasak ng barikada sa Pilar” (4). Kinakatawan din ng kanilang paghahanay bilang isang lupon ng mga katawan ang mamamayan: “Naimantining disiplinado, buo at ligtas ang hanay sa kabila ng sarisaring terorismo at paninira ng kaaway” (5). May obhetisasyon din ng mga mangingisda bilang mga “bangkang pangisda” na huminto sa pagtrabaho at nagdulot ng pagtigil ng “operasyon ng konsignasyon o sentro ng bultuhang pangangalakal ng isda at iba pang pagkaing dagat sa Orani” (4). Isa pang halimbawa ng impersonalisasyon ang makikita sa pagbabalita ng paralisasyon sa nobenta porsiyento ng normal na aktibidad sa Bataan dahil sa welgang bayan, kabilang na ang mga panlipunang praktika ng “pagsasaka, pangingisda at pagtitinda” na malinaw na reperensiya sa mga magsasaka, mangingisda, at manininda.

Bukod sa nauna nang natalakay na pagbibigay ng pribilehiyo sa mga uring panlipunan at sa kolektibong pagkilos ng masa at mamamayan bilang ahensiya na siyang may kapangyarihan upang yanigin at baguhin ang mga dominanteng estrukturang panlipunan, bahagi rin ang pag-aalala sa seguridad ng mga indibidwal na kasapi ng iba’t ibang mga kilusan at organisasyon sa maingat na pag-iwas sa direktang pagbanggit ng kanilang mga pangalan sa pahayagan. Gumagamit naman talaga ng mga koda at alyas ang mga rebolusyonaryo sa kilusang lihim upang umiwas sa panunupil ng diktadura. Parehong prinsipyo ang gumagabay din sa pag-iwas sa pagbanggit ng mga personahe sa kilusang hayag upang hindi sila pag-initan ng militar at estado. Kung matutukoy man ang mga indibidwal na kasapi ng mga organisadong puwersa, makikitang tinutukoy sila bilang henerikong kinatawan ng mga nabanggit nang mga kolektibidad: bilang mga taga-Bataan, demonstrador, at welgista.

Habang may identipikasyon ng mga aktor ayon sa identidad, bilang mga taga-Bataan halimbawa, higit na madalas ang pagbanggit sa kanila ayon sa kanilang

gawain. Kung babalikan ang talahanayan 4, malimit ang representasyon ng mga indibidwal na aktor, bukod sa pagiging partisipante ng mga demonstrasyon at welga, na batay sa kanilang propesyon at hanapbuhay: bilang manggagawa, estudyante, drayber, guro, abogado, magbubukid, magsasaka, mangingisda, mamamahayag, atbp. Nagsasalamin ito sa makauring perspektiba ng kilusang rebolusyonaryo.

## Aktibasyon at Pasibasyon

Higit pang magiging malinaw ang pagpapaloob ng representasyon ng mga panlipunang aktor sa ideolohikal na balangkas ng CPP sa pagtanaw sa alokasyon ng mga papel ng mga ito: kung sino ang inilalarawan bilang "aktor" o "agent" at kung sino naman ang ginagawang "layon" o "pasyente" ng isang aksiyon (Van Leeuwen, *Discourse and Practice* 32). Sa madaling salita kung sinong mga aktor ang ginagawang aktibo o may aktibasyon at kung sinong mga aktor naman ang ginagawang pasibo o may pasibasyon. May karagdagang pagtatangi si Van Leeuwen sa kaso ng pasibasyon: ang pasibong aktor ay maaaring masakop o mapasailalim o magiging benepisyaryo sa nagaganap na aksiyon o praktika.[3] Tinatrato ang mga napapasailalim na aktor bilang mga obheto sa kanilang representasyon habang ang mga benepisyaryo ay tagatanggap ng benepisyo, positibo man o negatibo, mula sa aksiyon.

**Talahanayan 5.** Aktibasyon at pasibasyon ng mga panlipunang aktor na bahagi ng kilusang anti-diktadura sa anim na artikulo hinggil sa welgang bayan na lumabas sa *Ang Bayan* mula 1984 hanggang 1985

| Panlipunang Aktor | Aktibasyon | Pasibasyon |
|---|---|---|
| Mamamayan | 8 | 2 |
| Mga abogado | 4 | |
| Sektoral na kilusan | 4 | 1 |
| Mga organisasyon | 4 | 1 |
| Taga-Bataan | 3 | |
| Manggagawa/obrero | 3 | 1 |
| Mga tao | 3 | 1 |
| Masa | 3 | 1 |
| CPP | 3 | 1 |
| Kasapi ng CPP | 3 | 1 |
| Malaproletaryado | 2 | |
| CORD | 2 | |
| BAYAN | 2 | |
| NAJFD | 2 | |
| Estudyante | 2 | |
| Subhetibong pwersa | 2 | |
| Kababayan | 1 | |
| Kilusang magsasaka | 1 | |
| Pwersang bayan | 1 | |

| | | |
|---|---|---|
| Burges na oposisyon | 1 | |
| Pwersang anti-diktadura | 1 | |
| MAKABAYAN | 1 | |
| NFBM | 1 | |
| AMBA-BALA | 1 | |
| BALSA | 1 | |
| PERLAS | 1 | |
| NFPC | 1 | |
| TFD | 1 | |
| ACT | 1 | |
| LFS | 1 | |
| KMU | 1 | |
| PIGLAS | 1 | |
| Kababaiha't kalalakihan | 1 | |
| Kamag-anak at kaibigan ng mga Detinidong politikal | 1 | |
| Petiburgesya | 1 | |
| Maralitang lungsod | 1 | |
| Uring proletaryado | 1 | |
| Mamimili | 1 | |
| Mamamahayag | 1 | |
| Organisasyon ng mga abogado | 1 | |
| Pambansang minorya | 1 | |
| Demonstrador/mga nagrarali/Nagpoprotesta | 3 | 2 |
| Rebolusyonaryong kilusan | 2 | 1 |
| Panggitnang pwersa | 2 | 2 |
| Mangingisda | 1 | 1 |
| Ating pwersa | 1 | 1 |
| NDF | 1 | 1 |
| Welgista | 1 | 1 |
| Guro | 1 | 1 |
| Kilusang masa | 1 | 1 |
| Masmidya /midya | 1 | 2 |
| Drayber | 1 | 2 |
| Detinidong politikal | | 1 |
| Proletaryadong industryal | | 1 |
| Opereytor | | 1 |
| Kawani | | 1 |
| Organisadong pwersa | | 1 |
| Manininda | | 1 |
| Hanay | | 2 |
| Kilusang manggagawa | | 2 |
| Lider | | 3 |
| Sambayanang pilipino / sambayanan | | 4 |

## *Aktibasyon ng Kilusang Anti-Diktadura*

Sa talahanayan 5, makikita na sa pangkalahatang tanaw ay binibigyan ng mas aktibo at dinamikong papel ang mga panlipunang aktor na bahagi ng malawak na kilusang anti-diktadura. Ang pigura ng mamamayan ang pinakanilalarawan na aktibo sa anim na teksto. Aktibo rin ang dominanteng paglalarawan ng mga uri at sektor na bumubuo ng mamamayan. Gayon din ang pagbibigay ng representasyon sa mga subhetibong puwersa ng rebolusyon, mga organisadong puwersa, mga kilusang panlipunan, at mga partikular na organisasyong direktang inoorganisa o simpatetiko sa rebolusyon.

Sa katunayan, hindi naman talaga sa lahat ng oras sa aktuwal na panlipunang praktika ng mga rebolusyonaryo at puwersang anti-diktadura na sila ang aktibo at mapagpasya. Dahil dominante ang rehimeng Marcos sa estratehikong antas, sa pangkalahatan ay nasa depensibo at reaktibo ang kilusang rebolusyonaryo laban sa kaaway. Ngunit hindi naman din lubusan ang dominasyon ng diktadura at laging may puwang sa paglaban lalo na sa lokal at taktikal na antas. Samakatuwid, ang mga pakikibaka na nagpapakita sa kapasidad ng mamamayan na lumaban sa diktadura ang pinapatampok, bagay na lumilitaw sa aktibasyon sa pagbibigay ng representasyon sa mamamayang naghihimagsik. At dahil ang pangunahing mambabasa ng *Ang Bayan* ay mga kasapi ng CPP at mga rebolusyonaryong organisasyon, at mga simpatetikong indibidwal na bahagi ng mas malawak na kilusang anti-diktadura, mauugat ito sa ginagampanang tungkulin ng pahayagan na pukawin ang damdamin at pakilusin ang kanyang mambabasa.

Ang kalakhan ng mga kaso kung saan napapasailalim ang mga naturang panlipunang aktor sa pasibasyon ay may kaugnayan sa pagpapakita ng kanilang pagiging biktima ng panunupil at pang-aabuso ng mga puwersa ng diktadura. Tingnan ang sumusunod: “Sakay sa tangke, nanakot naman si Kor. Andaya (kumander ng PC sa Bataan) sa mamamayan na huwag sumali sa welga” (CPP, “Welgang Bayan: Masigabong Tagumpay” 5). Tingnan din ang deskripsiyon sa pagpatay ng mga biktima ng masaker sa Escalante, Negros: “Pinagbabaril ang mga demonstrador habang sila’y nakadapa o kaya’y tumatakbo. Sa likod ang kanilang mga tama” (CPP, “28 Demonstrador” 12). Pero kahit sa pagpapakita ng kahinaan ng masa at kanilang mga lider ay nagiging hudyat din ng paglaban: “Ang pagpatay ng militar sa ilang tao at pagkaaresto sa ilang lider ng welgang bayan ay lalong nagpaalab sa mamamayan at nagpasigla sa welga” (CPP, “Welgang Bayan, Lumalaganap” 16).

**Talahanayan 6.** Aktibasyon at pasibasyon ng mga panlipunang aktor na nasa kampo ng diktadurang marcos sa anim na artikulo hinggil sa welgang bayan na lumabas sa *Ang Bayan* mula 1984 hanggang 1985

| Panlipunang Aktor | Aktibasyon | Pasibasyon |
|---|---|---|
| Militar | 6 | 9 |
| Diktadurang US-Marcos / rehimeng Marcos | 3 | 7 |
| Kaaway | 3 | 6 |
| Estado | 1 | 3 |
| Brig. Hen. Isidro de Guzman | | 2 |
| Tropa / sundalo | 1 | 2 |
| Reaksiyonaryong estado | | 1 |
| Reaksiyonaryong kampo | | 1 |
| Brig. Hen. Dionisio Tan-gatue | | 1 |
| Pulis | | 1 |
| Korte | | 1 |
| National Federation of Sugar Planters | | 1 |
| Imperyalismong US | | 1 |
| Mayor Braulio Lumayno | | 1 |
| Mga nagsagawa ng (Escalante) masaker | | 1 |
| AFP | | 1 |
| CHDF | 1 | 1 |
| Armando Gustilo | 2 | 2 |
| Sundalong pc, pulis, kasapi ng CHDF | 1 | |
| Rehimen | 1 | |
| Diktadura | 1 | |
| Kor. Andaya | 1 | |
| Mga pasista | 2 | |
| Marcos | 2 | |

## *Pasibasyon ng mga Puwersa ng Diktadura*

Sa kabilang banda, makikita sa talahanayan 6 kung paanong ang mga puwersa ng diktadura ay pangunahing ipinasailalim sa pasibasyon. Ang militar, diktadurang Marcos, at ang kaaway na siyang pinakanababanggit na mga aktor sa grupong ito ay siya ring pinakamaraming beses na binibigyan ng pasibong representasyon. Ang militar ay laging nababanggit dahil sila ang pinakakagyat na hinaharap ng rebolusyonaryong kilusan sa pang-araw-araw bilang ahensiya na direktang tumutugis sa kanila. Ang diktadurang Marcos naman ay pinupuntirya bilang sentral na target na pinakakinatawan ng bulok na sistemang nais pabagsakin ng kilusang rebolusyonaryo. Karaniwang nagagamit ang label na "kaaway" bilang mapanglahat at pagtukoy sa lahat ng mga lumalaban sa kilusan. Idinidiin sa pahayagan na sa kabila ng kapangyarihan ng diktadura at militar, sa pangkalahatang dominanteng posisyon ng kaaway, ay kaya itong magapi. Ito'y nasasalamin sa sosyo-semyotikong

operasyon ng pasibasyon: "ang welgang bayan ay malakas at epektibong bigwas sa diktadurang US-Marcos. Inuga nito ang pang-ekonomya't pampolitikang pundasyon ng reaksyonaryong estado sa Bataan" (CPP, "Welgang Bayan: Masigabong Tagumpay" 3–4). Isa pang halimbawa: "di nakayanang buwagin ng militar sa buong panahon ng welga" (CPP, "Welgang Bayan, Lumalaganap" 17) ang isa sa tatlong barikada sa Davao noong Nobyembre 26–30, 1984.

Ipinapakita kung paanong ang kapasyahan ng mga taga-Bataan na lumaban ay nagresulta sa pagpapatigil sa pangwawasak ng militar sa kanilang barikada: "Sa kahuli-hulihan ang umatras ay ang kaaway. Ganap na hiwalay sa masa, isa-isang nilunok ng pasistang militar ang binitiwang mga banta" (CPP, "Welgang Bayan: Masigabong Tagumpay" 5). Bilang tugon naman sa masaker sa Escalante ay sinunog ng mga nagrarali ang mga effigy ng kaaway:

> Sinunog ng mga nagrarali ang mga effigy na kumakatawan sa imperyalismong US at kina Marcos, Gustilo, De Guzman, Mayor Braulio Lumayno ng Escalante, at anim na alipuris ni Gustilo sa lokal na masmidya na nagsasasabing ang dapat panagutin sa masaker ay ang mga demokratikong tao ng simbahan at union mga manggagawa. (CPP, "28 Demonstrador" 12)

Emblematiko ng ganitong moda ng pasibasyon ng mga puwersa ng diktadura ang paglalarawan sa naganap na piket-protesta sa harap ng Camp Nakar ng AFP sa Lucena City noong Nobyembre 21, 1985: "Nagulantang at nataranta ang mga sundalo at walang nagawa hanggang maayos na nakapagtapos ang mga demonstrador ng kanilang aksiyong protesta" (CPP, "Mobilisasyon" 17).

Sa mga pagkakataong nabibigyan sila ng aktibong papel, ito'y para ipakita na sila'y nang-aapi at nagpapahirap sa buhay ng mamamayan. Halimbawa, sa pagtukoy sa "ibayong represyon ng estado" (CPP, "Welgang Bayan: Bigwas Sa Kaaway" 4), sa "pagpatay ng militar sa ilang tao" (CPP, "Welgang Bayan, Lumalaganap" 17), sa marahas na pagsupil ng militar sa "20,000 ang nagdemonstrasyon sa Kampo Aguinaldo" (17), sa "pampulitikang pamamaslang ng rehimen" (CPP, "Mga Welgang Bayan" 5), sa "desperadong tinangka ng pasistang militar na pigilin, kundi man biguin, ang welgang bayan" (CPP, "Welgang Bayan: Masigabong Tagumpay" 4), at sa pananakot ni "Kor. Andaya (kumander ng PC sa Bataan) sa mamamayan."

Makikita sa ugnayan ng aktibasyon at pasibasyon ng mga panlipunang aktor na gumaganap ng higit na aktibong papel ang CPP at ang mga kasapi ng Partido bilang mga motibong puwersa na nagpapakilos ng buong makinarya ng iba't ibang mga kilusan, organisasyon, sektor at uri na direktang inoorganisa o naiimpluwensiyahan laban sa diktadurang Marcos. Pinakatampok ang ganitong katangian sa "Welgang

Bayan: Bigwas sa Kaaway sa Lalunsuran" dahil nga inilalahad sa artikulo ang operasyonalisasyon ng welgang bayan para sa mga kasapi ng Partido na magpapatupad nito. Ang CPP, halimbawa, ang nagsusulong ng sumusunod: "pagpapaunlad ng mga pederasyong tumatawid sa iba't ibang linya ng industriya, paglalatag ng masaklaw na kilusang lihim, at pagpapalakas sa mga pwersa natin sa mga istratehikong linya ng industriya at malalaking pabrika sa mga purok ng industriya" (4).

## Welgang Bayan bilang Sagarang Determinasyon?

Sa paglalahad ng iba't ibang dimensiyon ng pagbibigay-hugis ng welgang bayan sa larangan ng representasyon, unti-unting nabibigyang anyo ang artikulasyon ng welgang bayan na may dinamikong representasyon bilang isang aktor din na nagtitipon ng iba't ibang kolektibidad mula sa iba't ibang uri at sektor at nagbubuklod ng mga pisikal na katawan laban sa diktadurang Marcos.

Inilalarawan ang welgang bayan sa *Ang Bayan* bilang pagsasalin ng "popular na simpatya sa mga rali't demonstrasyon" sa "popular na aksyon" na maaaring magsilbing "tuwirang pagbigwas sa kaaway" (CPP, "Welgang Bayan: Bigwas Sa Kaaway" 3). Ito'y binubuo "ng mga kumbinasyon ng barikada, rali, martsa, piket at boykot" (CPP, "Mga Welgang Bayan" 5), mga iba't ibang anyo ng pagtitipon ng mga katawan at pagkilos ng sambayanan na nakadepende ang kaigtingan "sa kaigtingan ng mga kilusang [sektoral]" ng mamamayan (CPP, "Welgang Bayan: Bigwas Sa Kaaway" 5). Dagdag pa, pinapakita rin ang welgang bayan bilang "hakbang-hakbang at baha-bahagi" na may iba't ibang lebel ng pagsasakatuparan:

> ... mula sa parsyal tungo sa ganap na paralisasyon; mula sa maiksian tungo sa mga sustinadong welgang bayan; mula sa simpleng pagtutol tungo sa pagkakamit ng may kalakihang mga konsesyon mula sa kaaway; mula sa paglahok ng mga organisadong seksyon lamang tungo sa buu-buong mobilisasyon ng bawat sektor; mula sa ilang pangunahing lunsod at rehiyon tungo sa pambansang saklaw; mula sa pangunahi'y pang-ekonomya tungo sa tahasang pampulitikang pakikibaka; mula sa koordinadong welga sa ilang lugar tungo sa pangkalahatang welgang bayan tungo sa mga welgang bayan na may malinaw na sangkap na military. (4)

Ang konsentrasyong ito ng puwersa sa pigura ng welgang bayan ay nagkakaloob din dito ng sariling ahensiya bilang isang kolektibong puwersa. Ito'y may kakayahan na yanigin "ang mga pundasyon ng pasistang estado" (3). Tinitingnan ito bilang may malaking "maitutulong" sa pagsusulong "ng kilusang rebolusyonaryo sa lungsod ang bahagi nito sa kabuuang pakikibaka" (3):

> Malaki ang kahalagahan ng mga welgang bayan sa ibayong pagpapatindi sa pampulitikang pagkakasukol ng diktadurang US-Marcos; pagpapalakas ng propaganda't pagtataguyod sa rebolusyonaryong pakikibaka at pagpapalawak ng organisadong pwersa ng rebolusyon; pagpapabaling sa mga panggitnang pwersa sa rebolusyonaryong pakikibaka, pagpapalakas sa Pambansa-Demokratikong Prente (NDF) at pagpapalawak ng pandaigdigang suporta sa pakikibaka ng sambayanan at pagpapaigting sa mga kontradiksyon sa kampo ng mga reaksyonaryo na epektibong nakapagpapahina sa kabuuang lakas ng kontra-rebolusyon. (3)

May kakayahan itong lampasan ang panunupil ng diktadura: "Di naging balakid sa welgang bayan ang represyon ng militar" (CPP, "Welgang Bayan, Lumalaganap" 17). Ito'y inilarawan na "nagputukan" sa malawak na bahagi ng Mindanao noong Mayo 2 at 3, 1985 (CPP, "Mga Welgang Bayan" 5). Ito'y nagkakaroon ng sariling kasiglahan: "Masiglang-masigla ang welgang bayan sa pitong pangunahing siyudad at ilang susing kabayanaan ng Mindanaw" (5). Iniipon din nito ang mga panawagan ng bayan:

> Ipinaglaban ng welgang bayan ang mga kahilingang hustisya para sa pinakahuling mga biktima ng mga pampulitikang pamamaslang ng rehimen sa isla, pagpapatigil ng militarisasyon sa rehiyon, pagpapawalang-bisa sa lahat ng mapaniil na mga dikreto at batas, paglalansag sa huwad na awtonomong mga gubyernong panrehiyon sa Mindanaw, at paglalansag sa lahat ng base't instalasyong militar ng US sa bansa. (5)

Samakatuwid, ang pagdugtong ng salitang welga sa bayan upang ilarawan ang ginagawa ng bayan na pagwewelga ay sa parehong pagkakataon kolektibisasyon ng mga panlipunang aktor na gumaganap nito. Sa parehong pagkakataon, ito'y porma ng kategorisasyon ayon sa papel na kanyang ginagampanan sa pagsulong ng pagkilos sa mga lungsod at sa pangkalahatang pakikibakang anti-diktadura. Ang mga welgang bayan na ito ay itinuturing bilang isang partikular na taktika ng pakikibaka na planado at pinapamunuan ng Partido.

Malapit ang gayong diwa sa paglilimi ni Rosa Luxemburg, Marxistang rebolusyonaryo sa Alemanya, hinggil sa pagsabog ng mga espontanyong welgang masa o "mass strike" sa panahon ng Rebolusyong Russo ng 1905. Para sa kanya, ibinubunsod ng paglitaw ng isang rebolusyonaryong sitwasyon ang mga welgang masa sa pamamagitan ng pagtulak nito sa espontanyong pagkilos ng proletaryado (Luxemburg 42). Ang welgang masa, sa gayon, ay hindi maisusulong sa batayan lamang ng pasya ng Partido at organisadong disiplina nito (44). Kaiba nito ang pagdidiin ng CPP sa welgang bayan bilang partikular na anyo ng pakikibaka o taktika na pinamumunuan at tinutulak ng Partido.

Sa madaling salita, ang representasyon ng welgang bayan bilang bahagi ng pag-iisa ng sambayanan sa malawakang pagkilos sa mga sentrong-lungsod na yayanig sa estado ay malay na ibinubunsod ng CPP sa halip na produkto lamang ng ispontanyong pagkilos. Labing-apat sa apatnapu't walong beses na binanggit ang salitang "welgang bayan" ay mga kaso ng pasibasyon. Dito binibigyang-representasyon ang welgang bayan na inilulunsad ng Partido at kilusan bilang "masaklaw at mabisang pampulitikang paghahanda sa mamamayan" o ibinubunsod serye "sa papalawak at papatinding paraan" (CPP, "Welgang Bayan: Bigwas Sa Kaaway" 4). Ipinapakita na "kumilos ang masa para sa welgang bayan" (CPP, "Mga Welgang Bayan" 5). "Masiglang-masiglang lumahok ang mga mamamayan" sa mga welgang bayan na inilunsad sa maraming bahagi ng bansa (CPP, "Welgang Bayan, Lumalaganap" 16).

Makikita itong pagbubuklod ng bayan sa paglalarawan sa welgang bayan sa Bataan bilang "pinakamataas at pinakamatapang nang pormang inabot ng hayag na pakikibaka ng mamamayan sa Gitnang Luson" (CPP, "Welgang Bayan: Masigabong Tagumpay" 5). May dalang tuwa at pananabik ang eksena ng pagtitipon ng mga katawan na sasabak sa militanteng komprontasyon sa diktadura. Sa kaso ng welgang bayan na inilunsad sa Bataan noong Hunyo 1985, may aktibasyon hindi lamang ang mga kasapi ng mga organisasyong masa kundi libo-libo pang mga ispontanyong masa na nakibahagi sa mga barikada at humilera sa kalsada sa pagdaan ng masang kalahok ng welgang bayan: "Sa mga dinaanan ng martsa, marami ang naluluha sa natatanaw na eksena, nagpapainom ng tubig at kape, nagbibigay ng tuyong damit, pagkain at kendi, nagiimbitang sumilong sa kanilang tahanan…" (CPP, "Welgang Bayan: Masigabong Tagumpay" 5).

Sa dakong huli, sa pagtatagpo nito ng iba't ibang anyo at antas ng pagkilos, kakayahang yanigin ang diktadura, at mga panawagan ng sambayanan sa isang kataga—sa pagsasanib ng ahensiya ng iba't ibang panlipunang aktor sa welgang bayan, nililikha ang imahen ng pagdaluyong ng dagat ng mga tao na nagiging solidong puwersa na nakakayanig sa mga bakod, puwersang militar, at iba pang depensa ng diktadurang Marcos.

Sa estrukturalistang kritisismo, ang gayong diskursibong operasyon ng kondensasyon sa iisang imahen ng maraming elemento ang tinutukoy ng konsepto ng "overdetermination"[4] o sagarang determinasyon na inangkop ni Louis Althusser mula sa larangan ng sikolohiya upang bigyang saysay ang kondensasyon sa iisang imahen ng maraming magkahiwalay pero magkaugnay na elemento. Ginamit ni Van Leeuwen ang parehong salita upang tukuyin ang diskursibong operasyon ng "pagbibigay-representasyon sa mga panlipunang aktor bilang lumalahok, sa parehong panahon, sa mahigit sa isang panlipunang praktika" (*Discourse and Practice* 47, akin ang salin).

Bagaman tila may saysay ang paggamit ng sagarang determinasyon, may agam-agam ako sa kaakmaan nito upang tukuyin ang kalikasan ng representayon ng welgang bayan sa *Ang Bayan* dahil sa estrukturalistang bagahe ng konseptuwalisasyon nito ni Althusser na mas nakatuon sa determinasyon ng namamayaning estruktura sa isang panlipunang proseso o praktika: "kung paanong nahahawakan ng isang estruktura ang aktuwal na sandal, kung paanong ang mga nakahiwalay na reyalidad ay literal na magkasamang itinapon upang bumuo ng partikular na pangyayari" (Bosteels, *Badiou and Politics* 59, akin ang salin).

Totoong humahango ito ng mga elemento mula sa diyalektikal na teorya ng kontradiksiyon na nagdidiin sa pangangailangan sa pagkilala ng "isang prinsipal na kontradiksiyon na ang pag-iral at pag-unlad ang mapagpasya o nag-iimpluwensiya sa pag-iral at pag-unlad ng iba pang kontradiksiyon" (Mao Zedong, "On Contradiction" 87, akin ang salin). Subalit higit na binibigyang-diin ni Althusser ang aspekto ng dominasyon kung saan ang sagarang determinasyon ay pinapalagay na "repleksiyon sa loob ng kontradiksiyon ng mismong kondisyon ng pag-iral nito, sa lugar nito sa namamayaning estruktura ng masalimuot na kabuuan" ("On the Materialist Dialectic" 209, akin ang salin). Kung kaya masasabing ipinipihit ni Althusser ang Marxistang diyalektika "sa hangganan ng bingit kung saan ang parehong kategorya ay madaling magamit laban sa buong tradisyon ng diyalektikal na pag-iisip" (Bosteels, "Reading Capital" 126, akin ang salin), bagay na itinulak sa lohikal na kongklusyon nito sa post-Marxistang lapit ni Ernesto Laclau at Chantal Mouffe.

Sa puntong ito, mahalagang balikan ang isang islogan ng mga estudyanteng Pranses na pinasikat sa kasagsagan ng popular na pag-aalsa sa Paris noong Mayo 1968 sa aking pagsusuri sa representasyon ng welgang bayan: "Hindi nagmamartsa ang mga istruktura sa lansangan" (Copjec 1, akin ang salin). Samakatuwid, hindi ang namamayaning estruktura ang mapagpasya sa pagpapanatili o pagbabago ng panlipunang kondisyon kundi ang ahensiya ng mga panlipunang aktor na nagsusumikap na kumawala mula sa naghaharing sistema. Sa pamamagitan ng mga representasyon sa *Ang Bayan* ng welgang bayan, natatanaw nating mga mambabasa kung paanong ang di-prinsipal na aspekto ng isang kontradiksiyon sa isang sitwasyon, ang sambayanang inaapi, sa pamamagitan ng kanilang pagkakaisa sa militanteng pakikibaka ay napapangingibabawan ang namamayaning panlipunang puwersa upang baguhin ang pangkabuuang sitwasyon (Mao Zedong, "On Contradiction" 89).

## Magkatunggaling Tasa sa Welgang Bayan

Mula sa pagsusuri, makikita kung paanong ang pag-iimbentaryo ng mga kaibigan at kaaway at ang pangunahing pagbibigay ng aktibong papel sa kilusang rebolusyonaryo at pasibong papel sa mga puwersa ng diktadura ay isang susing

katangian ng nilalaman ng *Ang Bayan*. Bunga ito ng mismong katangian ng *Ang Bayan* bilang organo ng isang partidong naglulunsad ng digma at ang mga kumbensiyon ng pagsusulat ng diyaryo na kaakibat nito. Sa paglalahad ng iba't ibang dimensiyon ng pagbibigay-hugis ng welgang bayan sa larangan ng diskurso, tampok ang pagbabalangkas nito bilang anyo ng pagkilos na bahagi ng pagsisikap ng rebolusyonaryong kilusan para sa ibayong pagpapabilis ng pagkamit ng tagumpay. Ang lebel ng militansiya at mobilisasyon na naabot sa paglunsad ng mga welgang bayan ay ipinapakita bilang tanda na abot-tanaw na ang tagumpay, bilang senyal ng "nagbabantang pagsiklab ng... rebolusyonaryong sitwasyon sa buong bansa" (CPP, "Welgang Bayan: Bigwas Sa Kaaway" 3).

Inilalarawan ang papalawak, papatindi, at paulit-ulit na paglunsad ng mga welgang bayan bilang mga serye ng pagkilos na tutungo sa pagpapabagsak ng diktadura. Tinatanaw rin ang mga welgang bayan bilang paghahanda ng mamamayan sa paglulunsad ng mga popular na pag-aalsa sa lungsod "bago pa ang pag-agaw ng kapangyarihang pang-estado sa panahon ng istratehikong opensiba at mga armadong insureksiyon" (CPP, "Welgang Bayan: Bigwas Sa Kaaway" 4).

Samakatuwid, pinapasilip ng pagsasagawa ng mga welgang bayan ang mga sangkap at usapin sa paglulunsad ng mga popular na pag-aalsa at mismong insureksiyon sa kalunsuran (CPP, "Welgang Bayan: Bigwas Sa Kaaway" 4). Sa gayon, ang kolektibisasyon at aktibasyon ng mga panlipunang aktor bilang isang kolektibong katawan na bumubuo ng welgang bayan ay nakakabit sa diskurso ng pagpapabilis ng rebolusyonaryong pagkilos upang makamit ang napipintong tagumpay.

Sa pagsusuma nito sa mga tagumpay na nakamit ng welgang bayan sa Bataan, halimbawa, ipinatampok ng *Ang Bayan* ang pagpapasilip nito sa paglulunsad ng mga popular na armadong pag-aalsa bilang direksiyon na patutunguhan ng hayag na kilusang masa sa kalunsuran:

> Ang popular na armadong pag-aalsa ay marahas na pagsalakay ng mamamayan sa sentro ng kapangyarihang pulitikal sa mga syudad at sentrong bayan gaya ng munisipyo at kapitolyo. Ang layunin ay di pa ang kagyat ng pag-agaw ng kapangyarihang pampulitika kundi pahinain nang husto ang pulitikal na poder ng kaaway at ipakilala ang bagong kapangyarihang rebolusyonaryo sa mga syudad at sentrong bayan. (CPP, "Welgang Bayan: Masigabong Tagumpay" 6)

Sinusugan ni Nathan Quimpo sa *Subversive Lives: A Family Memoir of the Marcos Years* (2012) ang gayong pagtatangi sa welgang bayan. Sa isang kabanata ng libro, ibinahagi ni Quimpo ang tungkol sa paglulunsad ng mga welgang bayan sa Mindanao noong 1984 sa panahon na mataas na opisyal siya ng Partido sa isla:

> Laking-tuwa namin noon dahil sa tagumpay ng unang welgang bayan na pumutok sa buong Mindanao, ngunit nagkaroon na ako ng mga bagabag sa pangkalahatang estratehiya ng Partido. Ang pambansang pamunuan ay laging tumalima sa Maoistang doktrina ng armadong pakikibaka bilang pangunahing na anyo ng pakikibaka habang segundaryo lamang ang kilusang masa. Tila nakikita ko na nalalamangan na ng pampulitikang pakikibaka ang aspektong militar. Habang ang NPA ay naglulunsad pa rin ng mga maliitang operasyong gerilya at malayong-malayo pa sa pagkamit ng kakayahan para sa regular na pakikidigmang makilos o pakikidigmang posisyonal, ang kilusang masa ay mabilis na sumusulong patungo sa isang malawakang insureksyon. (394, akin ang salin)

Kontra naman kay Quimpo, pinupuna ni Lualhati Abreu, isang dati ring mataas na opisyal ng Partido, ang paghahangad ng insureksiyonaryong daluyong kung saan bahagi ng *repertoire* ng taktika ang welgang bayan. Para sa kanya, ito ang siyang nagdulot ng pinsala at pag-atras ng kilusan. Isinalaysay ni Abreu sa kanyang talambuhay kung paanong ang paghahanda sa mga welgang bayan ay nag dulot ng pinsala sa katatagan ng mga organisasyon ng lihim na kilusan sa Maco sa Mindanao:

> "Wala na kaming panahon sa konsolidasyon," wika niya. "Hindi na kami nakakapaglunsad ng mga pag-aaral sa hanay ng hukbo at maging ng masa."
>
> "Bakit?" maagap kong usisa.
>
> "Pirmi kasi ang mga welgang bayan sa siyudad. Ang dalas ng mobilisasyon. Pirmi na lang kaming hatak sa mga rali. Tapos, ang mga nasa CS [countryside] naman, gusto laging maglunsad ng mga TO [tactical offensive]."
>
> No'n pa lang, may naririnig na akong katanungan kaugnay ng sagunsong mga kilos-propaganda ng hayag na kilusang masa sa kalunsuran at sagunsong TO sa kanayunan. Anong linyang pampulitika ang nagtutulak sa mga 'yon? No'n pa man, dama na ang pagkahatak ng mga puwersa mula sa kanayunan tungo sa mga kampanyang masa sa kalunsuran. (*Agaw-Dilim, Agaw-Liwanag* 177)

Dagdag pa ni Abreu, ang pagtutulak ng mga malalaking welgang bayan na lampas sa organisadong lakas ng kilusang rebolusyonaryo ay resulta ng pagdidistrungka ng ugnayan ng kalunsuran at kanayunan. Sinabi niyang ipinihit nito ang bulto-bultong organisadong puwersa mula kanayunan tungong kalunsuran, sa pagsisikap na lumikha ng ilusyong 'yon na ang mga susing martsa ng tagumpay" (Abreu, "Naging

Mabunga Sana" 146). Dagdag pa niya, pilit na pinahihinog ang kalagayan tungo sa pagpapalawak at pagpapapataas ng antas ng mga kilusang masa sa kalunsuran ng Mindanao. Ito sa kabila ng kakulangan pa sa mga rekisito para dito, pangunahin ang pagkakaroon ng solidong mga organisasyong masa sa kalunsuran (146).

Sa madaling salita, makikita kung paano nasasangkot ang konseptuwalisasyon ng welgang bayan—na tumatawid sa representasyon nito sa *Ang Bayan*—sa masalimuot na mga debate hinggil sa estratehiya at taktika ng pagrerebolusyon na bumalot sa rebolusyonaryong kilusan noong huling bahagi ng dekada '80 at sa malaking bahagi ng dekada '90. Sa paglunsad ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto (IDKP) ng CPP noong 1992–1998, nahati ang mga rebolusyonaryo at mas malawak na hanay ng Kaliwa sa mga Reaffirmist na siyang muling nagpatibay ng batayang prinisipyo sa balangkas ng Marxismo–Leninismo–Maoismo at sa mga Rejectionists na tumalikod na dito. Ayon sa mga naging Rejectionist sa kalaunan tulad ni Quimpo, dogmatiko ang pagtangan ng kilusan sa Maoistang estratehiya ng digmang bayan.

## Normatibong Insureksiyonismo?

Kung ang insureksiyon ay tumutukoy sa armadong pag-aalsa ng organisadong mamamayan sa mga sentrong bayan upang pabagsakin ang naghaharing sistema, ipinapalagay ng klasikong Marxistang estratehiyang militar ang insureksiyon bilang pangunahing inilulunsad sa mga bansang industriyalisado na may malalapad na kalunsuran at konsentrasyon ng mamamayan na siyang magiging pangunahing kalahok ng mga pag-aalsang ito. Iba naman ang iminumungkahing tugon sa mga bansa tulad ng Tsina noong dekada '30 at Pilipinas noong dekada '80 kung saan ang dayuhang dominasyon ay nagresulta sa di-pantay na pag-unlad sa ekonomiya at pagpapanatili ng malapiyudalismo. Dito ang insureksiyon ay inilulunsad lamang sa huling bahagi ng rebolusyonaryong proseso, sa panahon kung saan nadurog na ang armadong kapasidad ng burgesya na lumaban at determinado nang mag-armas at lumaban ang mayorya ng mga uring anakpawis (Mao Zedong, "Problems of War" 220).

Nang inilunsad ang IDKP noong 1992, ipinagpasya ng sentral na pamunuan ng CPP na ang diwa na nasa likod ng ganitong pag-iisip ang "dogmatismo" o sa pag-aangkat ng mga modelo ng pagkilos mula sa ibang bayan na hindi lapat sa lokal na kondisyon na kulang sa kongkretong pagsusuri ng kongkretong kalagayan. Sa "Reaffirm Our Basic Principles and Rectify Errors," ang pundamental na dokumento ng Partido na naglunsad ng IDKP, pinuna ang tinatawag nitong eklektikong paghahalaw ng ilang mga dramatikong pangyayari—tulad ng mga pag-aalsa sa Petrograd at Moscow, ang pag-aalsang Vietnamese ng 1945, ang opensibang Tet ng 1968, at ang huling opensiba sa Nicaragua ng 1979—na labas sa historikal na konteksto ng mga ito upang ipilit ang pagbubuo ng estratehiya ng armadong

insureksiyong urban at dogmatikong ipataw ito o pagbanggain sa buong teorya at praktika ng digmaang bayan (CPP, "Reaffirm Our Basic Principles" 7).

Tinawag ng IDKP na "insureksiyonismo" itong paghahangad ng armadong pag-aalsa na hindi pa nailatag ang mga rekisitos upang maging matagumpay ang gayong porma ng pakikibaka. Ayon sa CPP, nakatungtong ito sa "oportunismo" sa larangan ng politika o sa paghahangad ng madaliang tagumpay at malalaking bigwas sa kaaway nang hindi pa sapat ang kakayahan ng sariling puwersa ng rebolusyonaryong kilusan:

> Ang pagtanggi sa pangangailangan ng pagpapaunlad ng digmang bayan at hakbang-hakbang na pagbubuo ng hukbong bayan, habang ang pwersa ng kaaway ay buo pa at hindi pa nadudurog, ay hindi lamang demagogikong pagsamantala sa natural na kagustuhan ng mabilis na tagumpay kundi pagdala sa mga rebolusyonaryong pwersa sa pagwasak ng sarili nito. (7)

Pinuna rin ang pagpapalagay sa mga welgang bayan bilang proseso na tumutungo sa pagpapaputok ng mga armadong pag-aalsang popular dahil sa pagbalewala nito sa mga katangian ng mga kinikilusang maliliit na sentrong urban sa maraming mga probinsiya na uminit na lampas sa kapasidad ng mga kasama na makapagtago at depensahan ang kanilang mga sarili:

> Habang tinatambakan ng kaaway ang mga tukoy na partisanong base at prente, pinapatindi ang operasyong paniniktik laban sa lihim na kilusan sa lunsod, panghihigpit ng mga tsekpoint, paglulunsad ng madalas na pagsosona at militarisasyon ng mga tinatarget na komunidad at lunsod, ang mga kaswalti sa mga puting purok na pwersa ay lumaki at di na mapanatili ang pagkilos sa maraming mga lugar na ito. (32)

Sa halip na tunay na malikhain at bago, ipinapalagay ni Joshua Moufawad-Paul, isang Maoistang Pilosopo, na ang estratehiya at taktika ng insureksiyon naman talaga ang normatibo sa kasaysayan ng mga kilusang mapaghimagsik mula sa tradisyong anarkista, sindikalista tungo sa mga "workerist" na pangkating Marxista-Leninista at sa kanilang mga postmodernong kapareho. Pinuna ni Moufawad-Paul bilang bahagi ng ganitong agos ng insureksiyonismo ang pagbibigay pribilehiyo ni Jodi Dean, Kanluraning Marxistang akademiko, sa Occupy Movement na sumabog sa Estados Unidos noong 2011 bilang insureksiyon na walang talibang Partido, o ang pagsusulong ng grupong The Invisible Committee ng anonimo, nakakahawa, at di-kontroladong pag-aalsa na walang organisasyon at kusa na lang sasabog dahil sa tindi ng krisis ng kapitalismo, o ng "multitude" nina Michael Hardt at Antonio Negri na nakatungtong din sa modelo nina Gilles Deleuze at Felix Guattari ng pag-

aalsa bilang mga “rhizome” na parang kabute na sumusulpot lamang saanmang direksiyon (Moufawad-Paul 136).

Pinupuna ang normatibong insureksiyonismo dahil nakabatay ang imahinasyon nito ng rebolusyonaryong pakikibaka sa kalagayan ng ika-19 siglo at maagang ika-20 siglo kung saan hindi pa lubos ang pag-unlad ng modernong militaristikong makinarya ng kapitalistang estado. Sa gayon, pinapalagay ng normatibong insureksiyonismo na may kakayahan pa ang pangkalahatang estratehiya ng insureksiyon na nakamodelo sa Rebolusyong 1917 sa Russia na pabagsakin ang estadong ito. Nakalimutan nitong hindi lamang sinasanay ang modernong militar at pulis na supilin ang mga popular na pag-aalsa. Ang mayorya din ng mamamayan na sangkot sa mga malawakang rebelyon, sa pangkalahatan, ay walang pinanghahawakang parehong pagsasanay at kagamitan (136–37). Dagdag pa, hindi na rin bago sa kasaysayan ng burges na estado ang paglunod ng mga rebelyon ng mamamayan sa dugo.

Mula sa Leninistang balangkas, ang pagyuko sa ispontanyong pagkilos ay pagkalimot na nangangailangan ng higit na antas ng kamalayan at pagpaplano mula sa mga organisadong subhetibong puwersa. Sinabi niya na ”sa paglaki ng ispontanyong daluyong ng mga masa at sa paglapad ng kilusan, mas bibilis, at hindi nga natutumbasan, ang pangangailangan para sa mas malay na teoretikal, politikal, at organisasyonal na gawain ng Sosyo-Demokrasya” (Lenin 53, akin ang salin).

Sa katunayan, ang lohika ng ispontanyong pag-aalsa at pag-iinsureksiyon ng mga inaapi ay madaling mahulog sa aroganteng paniniwala sa hindi naiiwasang martsa ng kasaysayan. Wala itong pinagkaiba sa dogmatikong Marxismo ng Ikalawang Internasyonal na kusang mararating ang sosyalismo dahil sa tuloy-tuloy na pag-unlad ng teknolohiya at produktibong puwersa. Kahawig din ito sa bersiyon ng Ikatlong Internasyonal na naniniwalang ang “Pangkalahatang Krisis” ng kapitalismo ay kusang magtutulak sa mga manggagawa na mag-alsa. Ganito rin ang lohika ng kontemporaryong “accelerationism” kung saan tinatanaw ang pagpapatindi ng mga panlipunang kontradiksiyon bilang susi sa pagpapabagsak ng kapitalismo (Mackay 4). Sa gayon, ikinukubli ang pangangailangan ng malay, hakbang-hakbang, pasensiyoso at puspusang pag-oorganisa ng subhetibong puwersa na sasabak sa paglaban sa sistemang kapitalista-imperyalista.

## Kongklusyon

Ang pagturing sa welgang bayan bilang anyo ng pagkilos na magbibigay-hugis sa popular na armadong pag-aalsa sa hinaharap ay malinaw na kinasangkapan ng ilang opisyal ng kilusang rebolusyonaryo na naniniwalang mas akma ang pagsusulong ng kagyat na insureksiyon sa mga lungsod kaysa matagalang digmaan sa kanayunan. Ngunit lumalampas din sa gayong pagbabalangkas ang representasyon

ng welgang bayan bilang kumakatawan din sa mas pangkalahatang mapangahas at mapaghimagsik na kolektibong diwa na tinaglay ng kilusang rebolusyonaryo sa panahon ng anti-diktadurang pakikibaka.

Ang bayan bilang kolektibong ahensiya na may kakayahang na makapagbabago ng lipunan ay hinuhubog upang magsulong ng isang demokratikong rebolusyong bayan na ipinapalagay na solusyon sa panlipunang krisis na dulot ng imperyalistang kontrol sa Pilipinas. Binibigyang-representasyon ang bayan bilang ahensiya na makatutupad ng isang matagalang digmang bayan, ang estratehiya ng akumulasyon ng puwersa sa mga bansang mala-kolonyal at mala-piyudal sa pamamagitan ng hakbang-hakbang na pakikidigma mula sa kanayunan patungo sa kalunsuran. Gayundin, pinapasabak din ang bayan sa mga taktika tulad ng welgang bayan na inilulunsad sa mas partikular na mga yugto ng rebolusyon.

Kinakatawan ng welgang bayan ang namamayaning pakiramdam ng magiging direksiyon ng rebolusyonaryong pakikibaka patungo sa papabilis na pagkamit ng tagumpay. Bagaman totoong masalimuot ang mga naging debate hinggil sa direksiyong ito, hindi tuwirang napapalitaw sa mga pahina ng *Ang Bayan* ang mga tensiyong ito dahil sa pangangailangan ng pagharap ng iisang tinig ng Partido sa diyaryo. Sa kabila nito, balot ang panahong ito sa mga magkatunggaling pagtatasa at alaala na kinulayan ng ideolohikal na lente at darating na politikal na pasya ng gumugunita. Kung kaya dapat itong mapag-usapan sa labas ng mga termino ng ideolohiyang anti-komunista na pinapalaganap ng estado at sa liberal at repormistang lapit na sa matagal na panahon ay nagsilbing dominanteng lapit sa pagbalik-tanaw sa panahong ito (Ricordeau).

Masasabing may punto ang pagtatasa ng kilusang rebolusyonaryo na ikinukubli ng paghahangad ng agarang tagumpay ang pangangailangan ng hakbang-hakbang at pasensiyosong paghuhubog ng mga subhetibong puwersa na sasabak sa paglaban sa namamayaning sistemang panlipunan. Ngunit habang ang kapusukan at pagkakainip ay nagdulot ng pinsala sa kilusan sa dekada ’80, ang pagiging sobrang maingat at konserbatibo ay nagresulta rin sa paghadlang ng lubusang pagsulong nito sa huling dalawang dekada (Sison and Werning 106). Samakatuwid, sa kanyang paglaki at pagsulong, ang anumang kilusang rebolusyonaryo na seryosong nagnanais pabagsakin ang mga namamayaning estrukturang panlipunan sa armadong paraan ay tiyak na haharap sa parehong mga hamon ng paglukso mula sa mababa patungo sa mas mataas na antas ng pakikibaka na kinaharap ng kilusan noong dekada ’80. Kung kaya nanatiling interestante ang panahong ito para sa pag-aaral ng mga kilusang panlipunan sa Pilipinas.

## Pasasalamat

Orihinal na isinulat ang kasalukuyang artikulo bilang kabanata ng aking masteradong tesis na ipinasa sa UP Diliman noong 2020, "Ang Bayan sa *Ang Bayan*: Rebolusyonaryong Peryodismo at Representasyon ng Panlipunang Aktor sa Rurok ng Anti-Diktadurang Pakikibaka, 1982-1985," na ginawaran ng Thesis Research Grant ng UP Diliman Office of the Vice Chancellor for Research and Development. Nagpapasalamat ako sa Filipiniana Special Collections ng UP Diliman Main Library sa pagbibigay sa akin ng akses sa Philippine Radical Papers. Nagpapasalamat din ako sa konstruktibong kritisismo ng aking panel sa depensa ng masteradong tesis at ng dalawang anonimong rebyuwer na naging instrumental sa higit na pagpapaunlad ng aking mga argumento.

## MGA TALA

1. Upang iwasan ang pagkalito, ginamit ko ang Ingles na Communist Party of the Philippines o CPP upang tukuyin ang bagong partido na muling-itinatag noong 1968 habang ginagamit ko ang Filipino na Partido Komunista ng Pilipinas o PKP para tukuyin ang lumang partido na naunang itinatag noong Nobyembre 7, 1930.
2. Isa pang uri ng sosyo-semyotikong operasyon ng asimilasyon ang agregasyon o ang kuwantipikadong representasyon ng mga grupo ng panlipunang aktor. Katapat ng asimilasyon ang indibidwalisasyon o ang pagtukoy sa mga aktor bilang mga indibidwal na nagaganap sa pamamagitan ng paggamit ng isahan o singular na anyo ng pangngalan. Ginagamit ni Van Leeuwen (*Discourse and Practice* 35) ang henerikisasyon sa pagbibigay-representasyon sa mga panlipunang aktor bilang mga henerikong tipo at sa espesipikisasyon bilang partikular na nakikilalang indibidwal. Ngunit hindi ko ito ginamit dahil sa pagkakahawig ng pagtatangi ni Van Leeuwen ng heneriko at espesipiko sa asimilasyon at indibidwalisasyon (37).
3. Sa Ingles, "subjected" at "beneficialized."
4. *Surdéterminacion* sa orihinal na Pranses.

## MGA SANGGUNIAN

Abreu, Lualhati. *Agaw-Dilim, Agaw-Liwanag*. U of the Philippines P, 2010.

———. "Naging Mabunga sana ang EDSA 1986 para sa Kilusang Rebolusyonaryo." *Remembering / Rethinking EDSA*, inedit nina JPaul Manzanilla and Caroline Hau, Anvil Publishing, 2016, pp. 137–53.

Althusser, Louis. "Contradiction and Overdetermination." *For Marx*. Translated by Ben Brewster, Verso, 2005, pp. 87–128.

———. "On the Materialist Dialectic." *For Marx*. Translated by Ben Brewster, Verso, 2005, pp. 161–218.

Ambrosio, Dante. "Ang Tradisyon ng Pahayagang Radikal sa Pilipinas." *Media at Lipunan*, inedit nina Roland Tolentino and Josefina Santos, U of the Philippines P, 2014, pp. 326–35.

Bosteels, Bruno. *Badiou and Politics*. Duke University Press, 2011.

———. "Reading Capital from the Margins: Notes on the Logic of Uneven Development." *The Concept in Crisis: Reading Capital Today*, inedit ni Nick Nesbitt, Duke UP, 2017, pp. 113–65.

Chapman, William. *Inside the Philippine Revolution*. I.B. Tauris & Co Ltd, 1988.

Communist Party of the Philippines (CPP). "28 Demonstrador, Minasaker sa Negros." *Ang Bayan*, Oct. 1985, pp. 12–13. Philippine Radical Papers, University Library, U of the Philippines, Diliman, reel 14, box 28.

———. "Ambag sa Rebolusyon: Digmang Bayan sa Samar." *Ang Bayan*, Aug. 1984, pp. 9–12. Philippine Radical Papers, University Library, U of the Philippines, Diliman, reel 14, box 28.

———. "Ang Bayan Orientation, History and Situation." *Ang Bayan*, Nov. 1984, pp. 17–20. Philippine Radical Papers, University Library, U of the Philippines, Diliman, reel 13, box 25.

———. "Digmang Bayan sa 'CV.'" *Ang Bayan*, Jan. 1985, pp. 13–16. Philippine Radical Papers, University Library, U of the Philippines, Diliman, reel 14, box 28.

———. "Digmang Bayan sa Mindanaw." *Ang Bayan*, Mar. 1983, pp. 6–8. Philippine Radical Papers, University Library, U of the Philippines, Diliman, reel 14, box 28.

———. "General Review of Important Events and Decisions from 1980 to 1991." *Rebolusyon*, Special Issue no. 2, Apr. 1993, pp. 1–63. Philippine Radical Papers, University Library, U of the Philippines, Diliman, reel 21, box 39.

———. "Gerilya…sa Lunsod." *Ang Bayan*, Feb. 1984, pp. 11–13. Philippine Radical Papers, University Library, U of the Philippines, Diliman, reel 14, box 28.

———. "Kumpanyang Gerilya ng BHB." *Ang Bayan*, Mar. 1984, pp. 6–9. Philippine Radical Papers, University Library, U of the Philippines, Diliman, reel 14, box 28.

———. "Kuryer." *Ang Bayan*, Aug. 1982, pp. 11–12. Philippine Radical Papers, University Library, U of the Philippines, Diliman, reel 14, box 28.

———. "Leyte: Larangan ng Labanan." *Ang Bayan*, Nov. 1982, pp. 10–12. Philippine Radical Papers, University Library, U of the Philippines, Diliman, reel 14, box 28.

———. "Mga Welgang Bayan." *Ang Bayan*, May 1985, p. 5. Philippine Radical Papers, University Library, U of the Philippines, Diliman, reel 14, box 28.

———. "Mobilisasyon." *Ang Bayan*, Dec. 1985, p. 17. Philippine Radical Papers, University Library, U of the Philippines, Diliman, reel 14, box 28.

———. "Negros: Napakainam ng Sitwasyon, Sumusulong ang Rebolusyon." *Ang Bayan*, Apr. 1985, pp. 10–14. Philippine Radical Papers, University Library, U of the Philippines, Diliman, reel 14, box 28.

———. "Pag-unlad ng Suportang Masa: Milisyang Bayan." *Ang Bayan*, Nov. 1982, pp. 7–8. Philippine Radical Papers, University Library, U of the Philippines, Diliman, reel 14, box 28.

———. "Pwersang Panlaban: Ganap na Yunit Gerilya." *Ang Bayan*, Oct. 1982, pp. 3–5. Philippine Radical Papers, University Library, U of the Philippines, Diliman, reel 14, box 28.

———. "Reaffirm Our Basic Principles and Rectify Errors." *Rebolusyon*, no. Special Issue 1, Jan. 1993, pp. 1–80. Philippine Radical Papers, University Library, U of the Philippines, Diliman, reel 21, box 39.

———. "Sa Kordilyera: Digmaan at Kapayapaan." *Ang Bayan*, Aug. 1983, pp. 8–10. Philippine Radical Papers, University Library, U of the Philippines, Diliman, reel 14, box 28.

———. "Welgang Bayan: Bigwas Sa Kaaway Sa Kalunsuran." *Ang Bayan*, Dec. 1984, pp. 3–5. Philippine Radical Papers, University Library, U of the Philippines, Diliman, reel 14, box 28.

———. "Welgang Bayan, Lumalaganap." *Ang Bayan*, Dec. 1984, pp. 16–17. Philippine Radical Papers, University Library, U of the Philippines, Diliman, reel 14, box 28.

———. "Welgang Bayan: Masigabong Tagumpay, Bigwas sa Kaaway." *Ang Bayan*, July 1985, pp. 3–6. Philippine Radical Papers, University Library, U of the Philippines, Diliman, reel 14, box 28.

Copjec, Joan. *Read My Desire: Lacan Against the Historicists*. Verso, 2015.

De Dios, Emmanuel. "The Erosion of the Dictatorship." *Dictatorship and Revolution: Roots of People's Power*, inedit nina Petronilo Bn. Daroy et al., Conspectus Foundation Inc., 1988, pp. 70–131.

Encanto, Georgina Reyes. *The Community Press and its Revolutionary Tradition*. U of the Philippines P, 2019.

Guerrero, Amado. "Specific Characteristics of Our People's War." *Philippine Society and Revolution*,4th ed., International Association of Filipino Patriots, 1979, pp. 179–215.

Hall, Stuart. "The Work of Representation." *Representation*, 2nd ed., Sage Publications, 2013, pp. 1–47.

Hau, Caroline. *Necessary Fictions : Philippine Literature and the Nation, 1946-1980*. Ateneo de Manila UP, 2000.

Jones, Gregg. *Red Revolution: Inside the Philippine Guerrilla Movement*. Westreview Press, 1989.

Komisyon sa Edukasyon at Propaganda, Communist Party of the Philippines. *Maikling Kurso Sa Rebolusyonaryong Peryodismo*. 1981. Philippine Radical Papers, University Library, U of the Philippines, Diliman, reel 5, box 5.

Lenin, V. I. *What Is To Be Done? Burning Questions of Our Movement*. Progress Publishers, 1947.

Luxemburg, Rosa. *Reform or Revolution and The Mass Strike*. Inedit ni Helen Scott, Haymarket Books, 2008.

Mackay, Robin. *#Accelerate: The Accelerationist Reader*. Urbanomic, 2014.

Malay, Carolina, editor. *Ang Mamatay Nang Dahil Sa 'Yo: Heroes and Martyrs of the Filipino People in the Struggle Against Dictatorship 1972-1986 (Volume 1)*. National Historical Commission of the Philippines & Bantayog ng mga Bayani Foundation Inc., 2015.

Mao Zedong. "On Contradiction." *On Practice and Contradiction*, Verso, 2017, pp. 67–102.

———. "On Protracted War." *Selected Works*, vol. 2, Foreign Languages Press, 2021, pp. 101–80.

———. "Problems of War and Strategy." *Selected Works*, vol. 2, Foreign Languages Press, 1965, pp. 219–36.

Mijares, Primitivo. *The Conjugal Dictatorship of Ferdinand and Imelda Marcos (Revised and Annotated Edition)*. Ateneo de Manila UP, 2017.

Mojares, Resil. "The Rebel Papers." *Select*, 1972, pp. 9–13. Information Services and Instruction Section, University Library, University of the Philippines, Diliman.

———. "Words That Are Not Moving: Civil Society in the Philippines." *Philippine Quarterly of Culture and Society*, vol. 34, no. 1, Mar. 2006, pp. 33–52.

Moufawad-Paul, Joshua. "Quartermasters of Stadiums and Cemeteries: Normative Insurrectionism and the Under-Theorization of Revolutionary Strategy." *Socialist Studies / Etudes Socialistes*, vol. 11, no. 1, Winter 2016, pp. 127–44.

National Democratic Front. "Barricades in Bataan: Three-Day People's Strike Scores a Direct Hit at the Regime." *Liberation*, vol. 13, no. 3, June 1985, pp. 6–8. Philippine Radical Papers, University Library, U of the Philippines, Diliman, reel 17, box 34.

———. "Weaving a Network of Repression: US-Marcos Regime Scales up Repression to Stem Rising Resistance." *Liberation*, vol. 13, no. 5, Oct. 1985, pp. 3–7. Philippine Radical Papers, University Library, U of the Philippines, Diliman, reel 17, box 34.

Quimpo, Nathan Gilbert. "Welgang Bayan." *Subversive Lives: A Family Memoir of the Marcos Years*, inedit ni Susan Quimpo, Anvil Publishing, 2012, pp. 379–94.

Ricordeau, Gwenola. "État de littérature. Actualité de la recherche sur le mouvement communiste et la lutte armée aux Philippines [State of the Literature: Current Research on the Communist Movement and the Armed Struggle in the Philippines]." *Critique Internationale*, vol. 3, no. 68, 2015, pp. 173–79, doi.org/10.3917 / crii.068.0173.

Saulo, Alfredo. *Communism in the Philippines: An Introduction*. Enlarged ed., Ateneo de Manila UP, 1990.

Sison, Jose Maria, and Rainer Werning. *Reflections on Revolution and Prospects*. Inedit ni Julieta De Lima, International Network for Philippine Studies, 2019.

Tangi, Lucia Palpal-latoc. "People's War, People's Press: History and Evolution of Ang Bayan (The People), the News Organ of the Communist Party of the Philippines (CPP)." *Plaridel*, vol. 12, no. 1, 2015, pp. 42–72.

Teodoro, Luis. "The Philippine Press: Between Two Traditions." *The Filipino Press and Media, Democracy and Development / Ang Pamahayagan at Midya, Demokrasya at Kaunlaran Sa Pilipinas*, inedit nina Luis Teodoro and Merlinda De Jesus, U of the Philippines P, 2001, pp. 31–35.

Van Leeuwen, Theo. *Discourse and Practice: New Tools for Critical Discourse Analysis*. Oxford UP, 2008.

———. *Introducing Social Semiotics*. Routledge, 2005.

Si **Karlo Mikhail I. Mongaya** (kimongaya@up.edu.ph) ay nagtuturo ng Araling Pilipino sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Unibersidad ng Pilipinas Diliman (UPD) sa Quezon City. Awtor siya ng mga sanaysay hinggil sa kasaysayan ng mga kilusang panlipunan, Batas Militar sa Pilipinas, araling pangmidya, at kulturang rehiyonal. Nagsusulat siya para sa *Global Voices*, isang internasyunal at multilingguwal na komunidad ng mga manunulat, tagasalin, at tagapagtaguyod ng karapatang pantao. Kasalukuyan siyang Secretary General ng Congress of Teachers and Educators for Nationalism and Democracy (CONTEND). Managing editor din siya ng *PINGKIAN: Journal for Emancipatory and Anti-Imperialist Education*.